


# #LIFEGOALS

SUCCEED AT WHAT TRULY MATTERS

TAGALOG EDITION

**#LIFEGOALS**
**SUCCEEDING IN WHAT TRULY MATTERS**
**(TAGALOG EDITION)**

Copyright 2019 by Global Leadership Center

All rights reserved. No part of this publication may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means – electronic, mechanical, photocopy, recording, or any other, without the prior permission of GLC

Cover Photo by Smart on Unsplash

# UNANG SESYON

## LIFEGOALS: MULING PAGTUKOY SA TAGUMPAY

## PAGSASALIKSIK (EXPLORE)

Maghalinhinang ibahagi ang iyong mga sagot sa iyong mga kagrupo kung dinadaanan mo ang mga aralin na ito kasama ang iba.

Sino sa iyong akala ang pinakamatagumpay na tao sa listahan sa ibaba? Kung iyong aayusin ang listahan mula sa hindi matagumpay hanggang sa pinakamatagumpay, paano mo ito aayusin?

- Ang CEO ng isang *multinationa*l na korporasyon na may punong tanggapan sa New York, USA
- Ang estudyante sa kanyang unang taon sa isang lokal na pamantasan
- Ang tagapagwalis ng kalsada sa isang malaking lungsod sa Asya
- Ang computer software engineer na nagtatrabaho sa isang kakaumpisa pa lang na kompanya sa Silicon Valley, CA, USA
- Ang ina na taong-bahay lamang
- Ang Filipino na nagtatrabaho sa Western Europe
- Ang estudyante na nagtapos bilang summa cum laude na nagtatrabaho ngayon para sa isang non -profit organization
- Ang guro sa isang pampublikong paaralang elementarya
- Ang OFW na nagtatrabaho para sa isang multinational company sa Gitnang-Silangan
- Ang aktor na sertipikadong malakas humataw sa takilya
- Ang tagapag-alaga ng iyong anak
- Ang nagmamay-ari ng isang negosyo na nasa edad 30 na napabilang sa Top 50 ng Forbes Magazine na pinakamayamang tao sa nakaraang limang taon

Sa taon na ito, saang parte ng buhay ang gusto mong makaranas ng pinakatagumpay?
Ano ang iyong personal na pakahulugan sa tagumpay? Isalaysay o gumuhit ng larawan kung ano ang mukha ng matagumpay na buhay para sa iyo. Isama ang iba't ibang mga larangan kagaya ng pananalapi, pakikipagkapwa, pakikipagrelasyon, espiritwal, pisikal, intelektuwal, at emosyonal.
**Halimbawa**: Malalaman ko na ako ay nagkamit ng tagumpay kung ako ay nakapagmay-ari na ng isang negosyong pang-online bago ako maging 30 taong gulang.

### LEARNING NUGGET

Tila likas nating alam kung ano ang tagumpay dahil karamihan sa atin ay nagsusumikap na maging ganito - matagumpay. Ngunit, iilan lang sa atin ang makapagsabi kung paano ang isang tao ay maging tunay na matagumpay! Ito ang gusto naming itulong sa iyo na matuklasan habang habang patuloy nating tinatalakay itong serye ng #Lifegoals.

# PAGSUSURI (EXAMINE)

Walang sinoman ang gustong maiwan...

Sa puso ng tao ay may walang humpay na pagpupursige na habulin ang "magandang buhay". Isang patuloy na pagpupusirgeng ilagay sa pinakabagong mga 'filters' na naghahayag kung ano ang ibig sabihin ng pagiging matagumpay. Ang walang kabuluhang paghahabol sa tagumpay mula pa noong una ay may paraan ng pagdadagdag ng mga bagong landas na tatahakin at mga bagong tropeyo na mapapanalunan ng mga tao. Maaring bigyang kahulugan ito ng mga tao bilang pagkakaroon ng kapangyarihan, pagtamo ng mas mataas na katungkulan, o kaya pagkamit ng kung anong mga dapat mayroon ang ating buhay. O kaya ito ang pagnanais ng karamihan na ipamuhay ang kanilang tunay na kagustuhan sa buhay o kaya'y simpleng pag-iipon ng mga karanasan sa kanilang susunod na pangarap na bakasyon or biyahe.

Kaya, ang karamihan sa atin ay patalon-talon sa ibat'ibang pakikipagsapalaran, nananalo sa ibat' ibang uri ng laro, mapuntahan ang isa pang sulok ng mundong ito na puno ng sariling bakas ng ating mga paa. Tayo ay madalas magtaka kung ano pa kaya ang susunod na hamon o kung mayroong pang maraming nakalaan para sa atin na kailangang mapagtagumpayan.

Ang Bibliya ay nagbibigay ng paliwanag para sa ganitong klaseng pagkagutom sa ating mga buhay. Ito ay nagsasabi sa atin na ang Diyos mismo ang naglagay ng puwang na kasing laki ng eternidad sa puso ng tao (Eklesiastes 3:11). At ang Diyos lamang ang makakapuno sa puwang na ito gaano man nating subukan sa pamamagitan ng ating sariling pagsisikap. Ang sinaunang mananalambuhay na si Plutarch ay nag-ulat na "nang nakita ni Alexander the Great ang lawak ng kanyang nasasakopan, siya ay umiyak sapagka't wala nang mundo na sasakopin pa." Sa ilalim ng kaloob-looban ng sangkatauhan ay ang kagustuhan na magkamit at mangibabaw sa anong laro ng buhay. Pinapaliwanang ng Genesis 1:26-28 sa atin na ang isang makabuluhang bahagi ng pagiging likha sa wangis ng Diyos ay ang pagdisenyo sa sangkatauhan na maging tagapamahala, maging mabunga at maging kapakipakinabang. Ito ang mga sandali na ating mararamdaman na tayo ay punong-puno ng buhay.

Ngunit, paano tayo maging masayang paunti-unting papunta sa tuktok ng mundo na hindi nakakaligtaan ang mga pinakamalalaking destinasyon ng buhay? Isang mahalagang bahagi sa kasagutan ng tanong na ito ay ang pagtingin sa ilang mga hangarin ng tagumpay na nagtatapos sa panghihinayang at ihambing ito sa kung ano ang isinaalang-alang ng Bibliya bilang 'pagiging mayaman sa Diyos.'

**Basahin natin ang Lucas 12:15-34:**
*15 At sinabi niya sa kanilang lahat, "Mag-ingat kayo sa lahat ng uri ng kasakiman; sapagkat ang buhay ng tao ay wala sa dami ng kanyang kayamanan." 16 Pagkatapos, isinalaysay ni Jesus ang isang talinghaga. "Isang mayaman ang umani nang sagana sa kanyang bukirin. 17 Kaya't nasabi niya sa sarili, 'Ano ang gagawin ko ngayon? Wala na akong paglagyan ng aking mga ani! 18 Alam ko na! Ipagigiba ko ang aking mga kamalig at magpapatayo ako ng mas malalaki. Doon ko ilalagay ang aking ani at ibang ari-arian. 19 Pagkatapos, ay sasabihin ko sa aking sarili, marami ka nang naipon para sa mahabang panahon. Kaya't magpahinga ka na lamang, kumain, uminom, at magpakasaya!'*

*20 "Ngunit sinabi sa kanya ng Diyos, 'Hangal! Sa gabi ring ito'y babawian ka na ng buhay. Kanino ngayon mapupunta ang mga inilaan mo para sa iyong sarili?' 21 Ganyan ang sasapitin ng sinumang nag-iipon ng kayamanan para sa sarili, ngunit dukha naman sa paningin ng Diyos."*

*Pananalig sa Diyos*
*22 Sinabi pa ni Jesus sa kanyang mga alagad, "Kaya't sinasabi ko sa inyo: huwag kayong mabalisa tungkol sa inyong buhay, sa inyong kakainin, o tungkol sa damit na kailangan ng inyong katawan. 23 Sapagkat ang buhay ay higit pa kaysa pagkain at ang katawan kaysa damit. 24 Tingnan ninyo ang mga uwak, hindi sila nagtatanim ni umaani man; wala rin silang imbakan o kamalig; ngunit pinapakain sila ng Diyos. Higit kayong mahalaga kaysa mga ibon! 25 Sino sa inyo ang makakapagdagdag sa kanyang buhay[a]ng kahit isang oras dahil sa pagkabalisa? 26 Kung hindi ninyo magawâ ang ganoong kaliit na bagay, bakit kayo nababalisa tungkol sa ibang mga bagay? 27 Tingnan ninyo ang mga bulaklak sa parang kung paano sila lumalago. Hindi sila nagtatrabaho ni humahabi man. Ngunit sinasabi ko sa inyo, kahit si Solomon sa kanyang karangyaan ay hindi nakapagdamit ng singganda ng isa sa mga bulaklak na ito. 28 Kung dinadamitan ng Diyos ang mga damo sa parang na buháy ngayon at kinabukasa'y iginagatong sa kalan, kayo pa kaya? Kay liit ng inyong pananampalataya! 29 Kaya't huwag kayong labis na mag-isip kung saan kayo kukuha ng kakainin at iinumin. Huwag na kayong mangamba. 30 Ang mga bagay na ito ang pinagkakaabalahan ng mga taong di nananalig sa Diyos. Alam ng inyong Ama na kailangan ninyo ang lahat ng iyan.31 Subalit, bigyang halaga ninyo nang higit sa lahat ang kaharian ng Diyos, at ibibigay niya sa inyo ang mga bagay na ito."*

*Ang Kayamanang Hindi Mawawala*
*32 "Huwag kayong matakot, munting kawan, sapagkat ikinalulugod ng inyong Ama na ibigay sa inyo ang kaharian. 33 Ipagbili ninyo ang inyong ari-arian, at ipamahagi sa mga dukha ang pinagbilhan! Gumawa kayo ng mga sisidlang hindi naluluma at mag-ipon kayo sa langit ng kayamanang hindi nauubos. Doo'y walang magnanakaw na pumapasok at insektong sumisira. 34 Sapagkat kung nasaan ang inyong kayamanan ay naroon din ang inyong puso."*

## BANTAYAN ANG PAGNANASA NG IYONG PUSO.

Ang kwento ay nagtuturo sa atin sa katotohanan na ang puso ng tao ay patuloy na nagnanais ng higit pa at nahihirapang makontento sa kung anomang mayroon na siya. Mapapansing ang mayamang lalaki ay wala ng mapag-imbakan ng kanyang mga ani (v17). Ang kanyang mga kamalig ay puno na. Ngunit gusto pa rin niya ng mas higit pa at nagdesisyon na magtayo ng mas malaking kamalig (v18). Ang kanyang kakayahan na patuloy na maging matagumpay ay nagsilbing basehan ng kanyang seguridad at sukatan ng kanyang kasiyahan.

Ngunit si Hesus ay nagbigay ng matinding babala, "Magmasid! Magbantay laban sa lahat ng uri ng kasakiman; ang buhay ay hindi binubuo ng kasaganaan ng mga pag-aari (v15) . Binabago ng kasakiman ang puso na maging makasarili, at ang pagiging makasarili ay ang kadalasang nagnanakaw sa tao ng kanilang pagmamahal sa iba.

*"Whether you have a Maruti or a BMW, the road remains the same. Whether you travel economy class or business, your destination doesn't change. Whether you have a Titan or a Roles, the time is the same. Whether you an an iPhone or a Lenovo, the people who call you remain the same. There is nothing wrong in dreaming a luxurious life. What needs to be taken care of is to not let the need become greed. Because needs can always be met, but greed can never be fulfilled."*

**– Rajinikanth, Indian film Director**

## TRUTH TAG

*36 Sapagkat ano ba ang mapapala ng isang tao makamtan man niya ang buong daigdig, ngunit mapapahamak naman ang kanyang sarili?* - Marcos 8:36

Maraming mga tao na naghahabol sa mga tagumpay at panalo ng kanilang mga propesyon at kagustuhan sa buhay ay maaring mauuwi lamang kagaya ng sa mayamang tao sa kuwento. Napakadaling malulong sa kung ano ang maari nating makamit at makaligtaan kung magiging sino tayo dahil sa prosesong ito. Ang Bibliya ay nagpapaalala sa atin sa trahedya na maari nating makamit ang mga bagay sa mundong ito at gayon pa man ay mauuwi lamang sa pagkahamak ng ating kaluluwa.

Gusto mo bang malaman kung paano nating matiyak na hindi mapahamak ang ating kaluluwa? Ano ba ang ibig sabihin ng mapahamak ang ating mga kaluluwa? Pumunta sa pahina 42, para iyong malaman.

## MAG-INGAT SA HUWAD NA TAGUMPAY.

Ang maikling parabulang ito ay nagpapaalala sa atin na mayroon pang higit sa buhay kaysa sa pagiging matagumpay sa ating mga ginagawa at magkaroon ng maraming bagay sa abot ng ating kakayanan. Kung ang tagumpay ay patungkol lamang sa pag-iipon ng mga bagay sa buhay, kung gayon saan tayo dadalhin ng mga yaman na iyan? Sa totoo lang, wala tayong madadala sa mga ito kapag tayo ay darating na sa dulo ng ating mga buhay. Si Haring Solomon (ang pinakamatalino, mayaman at marahil ang pinakamatagumpay na hari ng Israel) ay naghayag ng isang walang kabuluhan na katapusan sa isang buhay na tinatakan ng makitid na pananaw sa paghangad ng tagumpay. "Dahil ang isang tao ay maaring magtrabaho ng may karunungan, kaalaman at kakayahan, at saka kailangan nilang iwan ang lahat ng kanilang pagmamay-ari sa iba na hindi naghirap para dito. Ito rin ay walang katuturan at isang malaking kasawian (Eklesiastes 2:21)

*"The key to richness is to discover something more than riches."* **– John Ortberg**

Ang mga pinakamagagandang bagay sa buhay ay hindi mga bagay. Ang tunay na tagumpay ay hindi ayon sa kung ano ang makukuha natin para sa ating mga sarili kundi sa kung ano ang magpapaunlad sa buhay ng iba (v.33-34). Ang Bibliya ay nagsasabi sa atin kung saan tayo nararapat mamuhunan at saan natin dapat ituon ang ating mga puso:

*19 "Huwag kayong mag-impok ng mga kayamanan dito sa lupa; dito'y may naninirang insekto at kalawang, at may nakakapasok na magnanakaw. 20 Sa halip, mag-impok kayo ng kayamanan sa langit; doo'y walang naninirang insekto at kalawang, at walang nakakapasok na magnanakaw. 21 Sapagkat kung saan naroroon ang iyong kayamanan, naroroon din ang iyong puso."*

*Ngunit higit sa lahat ay bigyang-halaga ninyo ang kaharian [ng Diyos] at ang pamumuhay nang ayon sa kanyang kalooban, at ibibigay niya sa inyo ang lahat ng mga bagay na ito.* **Mateo 6:19-21, 33**

Iyan lamang ang tanging kayamanan na maaring lumagpas sa ating buhay sa mundo.
Mayroong katotohanan sa kasabihang ang tanging mga bagay na maari nating maangkin ay yaong mga bagay na ating ipinamimigay. Ang pagkakamali ng mayamang lalaki ay nang gawin niya ang tagumpay na para sa sarili lamang at itinuon ang isipan sa pagpapaunlad ng kanyang sarili. Itong makasariling paghahangad ng tagumpay ang naghatid papunta sa isang walang kabuluhang wakas ng kanyang buhay.

## HANGARIN ANG TAGUMPAY NA TUMATAGAL.

Sa huli, binigyang diin ng kwento ang pangangailangan na maging matagumpay sa larangan ng pagiging "mayaman pahinggil sa Diyos" (v. 21). Ang mayamang lalaki ay masyadong nakatuon sa pagbubuo ng kanyang makamundong tagumpay na kanyang nakaligtaan ang hindi maiwasang katotohanan; na ang kanyang buhay ay hindi sa kanya at isang araw ay pananagutan niya ito sa harap ng Diyos. Ang mayamang lalaki sa parabola ay nabigo sa paggugol sa kung anong pinakamahalaga – ang kanyang relasyon sa Diyos. Sa halip, siya ay nakatuon sa mga bagay na maaring hindi tumagal kaysa kanyang pamamalagi sa mundo.

Kapag tayo, ay sa wakas, magpapakita na sa harap ng Diyos, ang sandaling ito ay maaring maging isang panahon ng kagalakan o malalim na pagsisisi. Ang lahat ng ating pinagsikapang gawin ay susukatin sa pamamagitan ng pagsusuri kung ito ay may halaga na pangwalang hanggan. Ang tagumpay na tinimbang mula sa ganitong pananaw ay lubos na magkaiba kaysa kung ano ang sinassabi ng mundo tungkol sa isang matagumpay na buhay. Matapos sabihin ang parabola, nilinaw ni Jesus sa kanyang mga disipulo kung ano ang tunay na kahulugan ng "pagiging mayaman pahinggil sa Diyos". Ito ay ang mamuhay ng buhay na nakalulugod sa Diyos – isang buhay na kinikilala siya bilang Hari, nagtitiwala sa Kanya sa lahat ng ating pangangailangan, at ninanais ang Kanyang kaharian higit sa lahat at naghahangad na mapalago ang buhay ng iba (v. 22-34). Sa ganitong uri ng tumatagal na tagumpay ang mga tao ay tunay na denisenyo. At dito kung saan nakabase ang tunay na tagumpay.

## LIFE HACKS

Huwag makontento sa isang tagumpay na nakabatay sa pagiipon ng mga bagay at pag-aari. Sikaping magtagumpay hindi lamang sa larangan ng paggawa at pagkakaroon ngunit ang pinakamahalaga ay ang sa larangan ng ating pagkatao.

*"God's given me talents to play basketball for a living, but I still have to work hard to improve every day. I know that in the grand scheme of things, this is just a game that can be taken from me at any moment. But I love that basketball gives me the opportunities to do good things for people and to point them towards the Man who died for our sins on the cross. I know I have  a place in heaven waiting for me because of Him, and that's something no earthly prize or trophy could ever top. There's more to me than just this jerser I wear, and that;s Christ living inside of me."*

**– Stephen Curry (NBA player, Golden State Warriors)**

# PAGPAPAHAYAG (EXPRESS)

Maghalinhinang magbahagi ng inyong mga naiisip sa mga sumusunod na mga punto:

1. Anong mga nakakahikayat na paghahangad ng mga tao ngayon na sa reyalidad ay walang kabuluhan ngunit 'fool's gold' lamang?

2. Ano sa iyong palagay ang pinakamainam na paliwanag sa tunay na tagumpay?

3. Nais mo bang makasiguro na ang iyong tagumpay sa buhay ay may halaga sa magpakawalang hanggan? Kung gayon, nais mo bang magpatuloy dito sa anim na linggong paglalakbay sa pagtuklas kung ano ang tunay na tagumpay?

# PAGSASABUHAY (EXPERIENCE)

Para sa sariling aplikasyon:

1. Isulat kung ano sa iyong paniniwala ang iyong pinakaimportanteng mga tagumpay sa buhay. Base sa iyong natutunan ngayon tungkol sa tunay na tagumpay, kilalanin alin doon ang may magpakawalang hanggang halaga o kaya kung ano ang tatagal hanggang sa magpakawalang hanggan. Ano ang naging kinalabasan?
2. Paano mo ipamuhay ang iyong buhay na kakaiba kaysa dati kung iyong gagamitin ang kahulugan ng Bibliya sa tunay na tagumpay sa iyong mga pinagsusumikapan? Magsulat ng 1-2 punto kung papaano ang bagong kahulugan sa pananaw ng tagumpay ay makapagpabago sa pamamaraan ng iyong:
    - Pagtatrabaho
    - Paghawak ng pananalapi/pangangasiwa sa mga yaman o pag-aari
    - Pakikitungo sa membro ng iyong pamilya
    - Pakikitungo sa Diyos
    - Sa ibang larangan ng buhay – kalusugan, paglilibang, mga hilig sa buhay (pagbibiyahe, etc.)

# IKALAWANG SESYON

## LIFEGOALS: MAGTAGUMPAY SA TRABAHO

## PAGSASALIKSIK (EXPLORE)

Maghalinhinang ilarawan ang iyong karanasan sa trabaho sa iyong nakaraan at kasalukuyang mga maypagawa/amo:

1. Anu-ano ang mga pinakamagagandang katangian ng iyong mga maypagawa/amo?

2. Anu-ano ang mga pinakamasasamang katangian ng iyong mga maypagaw/amo? (Huwag magbanggit ng pangalan)

3. Ilarawan ang iyong huwarang maypagawa/amo sa limang salita o mas kaunti.

4. Ilarawan ang iyong sarili bilang empleyado sa limang salita o mas kaunti.

### LEARNING NUGGET

Tayo ay may mga magkakaibang karanasan sa iba't ibang kompanya o negosyo na ating pinagtatrabahuan. Ang ilang mga karanasan ay nakapag-iwan sa atin ng masasayang alaala, ang iba naman ay hindi kaaya-aya. Hindi mahalaga ang sitwasyon ng ating trabaho, ang pinakamahalaga ay ang ating saloobin at pagganap habang nasa trabaho. Ang ating adhikain sa paggawa ng mahusay na trabaho ay kasing importante din at dito, matutunan natin kung bakit ang Diyos ang sa huli ang dapat nating pinag-aalayan ng ating paggawa.

## PAGSUSURI (EXAMINE)

Walang sinoman ang gustong makaramdam na siya'y may kakulangan.

Ang walang kabuluhang tagisan sa 'marketplace' ngayon ay hinihimok ng matinding kahilingan para sa susunod na pinakamahusay na pagsasagawa. Ang 'corporate ladder' ay tinatakan ng matinding kompetisyon at walang humpay na pagkukumpara. Ang kalagayan sa pagtatrabaho ay nagiging parang kagubatan na ang nangingibabaw na batas ay matira ang matibay. Mga ordinaryong pagkilos at karaniwang pagganap ay magreresulta sa negatibong pagtantiya ng halaga sa sarili at kabuluhan sa kompanya.

Dahil dito, maraming mga tao ay naghahangad na sumabay sa bilis ng karera at makisali sa masayang pagtsek sa listahan ng tagumpay. Ang susunod na pag-asenso. Ang susunod na insentibo sa trabaho. Ang susunod na umento sa sahod. Kaya ang sigaw na iyong maaring maririnig ay ang mga: Dapat parati kang nauuna sa iyong laro! Lagpasan ang iyong mga limitasyon! Higitan pa ang iyong sarili!

**Mateo 25:14-30**

*Talinghaga tungkol sa Tatlong Alipin*

*14 "Ang paghahari ng  Diyos ay maitutulad sa isang taong maglalakbay. Kaya't tinawag niya ang kanyang
mga tauhan at ipinagkatiwala sa kanila ang kanyang ari-arian. 15 Binigyan niya ng salaping ginto[a] ang
bawat isa ayon sa kanilang kakayahan. Binigyan niya ang isa ng limanlibong salaping ginto, ang isa nama'y
dalawang libong salaping ginto, at ang isa pa ay isanlibong salaping ginto. Pagkatapos nito, siya'y
umalis. 16 Kumilos agad ang tumanggap ng limanlibong salaping ginto at ipinangalakal iyon. Kumita siya ng
limanlibong salaping ginto. 17 Gayundin naman, ang tumanggap ng dalawang libong salaping ginto ay
kumita pa ng dalawang libong salaping ginto. 18 Ngunit ang tumanggap ng isanlibong salaping ginto ay
humukay sa lupa at itinago ang salaping ginto ng kanyang panginoon.*

*19 "Pagkaraan ng mahabang panahon, bumalik ang panginoon ng mga tauhang iyon at sila'y pinag-
ulat. 20 Lumapit ang tumanggap ng limanlibong salaping ginto at sinabi, 'Panginoon, ito po ang limanlibong
salaping ginto na iniwan ninyo sa akin. Heto naman po ang limanlibong salaping ginto na tinubo
nito.'21 "Sinabi sa kanya ng panginoon, 'Magaling! Tapat at mabuting lingkod! Halika, samahan mo ako sa
aking kagalakan. Naging tapat ka sa kaunting halaga, kaya gagawin kitang tagapamahala ng malaking
halaga.'*

*Ang talinghaga ay tungkol sa tatlong lingkod na pinagkatiwalaan ng kanilang panginoon ng magkakaibang halaga ng salapi alinsunod sa kanilang kakayahan. Hindi kagaya nung dalawa na ipinangalakal ang salapi na binigay sa kanila at pinagyaman, ang pangatlong lingkod ay naghukay sa lupa at itinago ang salapi ng kanyang panginoon. Ano ang sinasabi ng kwentong ito sa atin tungkol sa kung paano natin gampanan ang ating pang-arawaraw na trabaho?*

*22 "Lumapit din ang tumanggap ng dalawang libong salaping ginto at ang sabi, 'Panginoon, ito po ang
iniwan ninyo sa aking dalawang libong salaping ginto. Heto naman po ang dalawang libong salaping ginto
na tinubo nito.' 23 "Sinabi ng kanyang panginoon, 'Magaling! Tapat at mabuting lingkod! Naging tapat ka sa
kaunting halaga, kaya't pamamahalain kita sa malaking halaga. Samahan mo ako sa aking kagalakan!'
24 "Lumapit naman ang tumanggap ng isanlibong salaping ginto at sinabi, 'Alam ko pong kayo'y mahigpit
at pinipitas ninyo ang bunga ng hindi ninyo itinanim at inaani ninyo ang hindi ninyo inihasik. 25 Natakot po
ako, kaya't ibinaon ko sa lupa ang inyong salaping ginto. Heto na po ang inyong salapi.'
26 "Sumagot ang kanyang panginoon, 'Masama at tamad na lingkod! Alam mo palang pinipitas ko ang
bunga ng hindi ko itinanim at inaani ko ang hindi ko inihasik, 27 bakit hindi mo na lamang inilagay sa
bangko ang aking salapi! Kahit paano'y may tinubo sana ito! 28 Kunin ninyo sa kanya ang isanlibong
salaping ginto at ibigay sa may sampung libong salaping ginto.29 Sapagkat ang mayroon ay bibigyan pa, at
magkakaroon ng sagana; ngunit ang wala, pati ang kakaunting nasa kanya ay kukunin pa. 30 Itapon ninyo
sa kadiliman sa labas ang walang silbing taong iyan! Doo'y mananangis siya at magngangalit ang kanyang
mga ngipin.'"*

Ang talinghaga ay tungkol sa tatlong lingkod na pinagkatiwalaan ng kanilang panginoon ng magkakaibang halaga ng salapi alinsunod sa kanilang kakayahan. Hindi kagaya nung dalawa na ipinangalakal ang salapi na binigay sa kanila at pinagyaman, ang pangatlong lingkod ay naghukay sa lupa at itinago ang salapi ng kanyang panginoon. Ano ang sinasabi ng kwentong ito sa atin tungkol sa kung paano natin gampanan ang ating pang-arawaraw na trabaho?

## PAGTAGUMPAYAN ANG TAKOT SA KABIGUAN.

Inisip ng ikatlong lingkod na ang hangad lamang ng kanyang panginoon ay ang kanyang kikitain mula sa kanyang mga manggagawa. Inakala marahil ng taong ito na kahit ipamuhunan niya ang kaunti na ibinigay sa kanya, ang makukuha niya pa rin ay maliit na kita para sa kanyang sarili. Pakiramdam din niya siguro na ang kanyang panginoon ay may mababang pagpapahalaga sa kanyang kakayahan na magtagumpay, yamang siya ay binigyan ng mas maliit kaysa dalawang lingkod. Sa alinmang kaso, naisip niya marahil na kung gagawa siya ng maling pamumuhunan at mawala lahat, siya ay makakatanggap ng galit ng kanyang panginoon.

Kaya naman, pinili niya na maging ligtas at itago na lamang ang salapi at ibalik sa kanyang panginoon na walang lugi, eksakto sa kung paano niya ibinigay ito (v.25). Ngunit ito pala ay isang masamang desisyon. Nakita ng panginoon kung papaano ang kanyang lingkod ay sa halip iginupo ng takot at kulang sa mapanglikhang pag-iisip. Siya ay sinabihan na ang pinakasimple niya sanang ginawa ay inilagak ang salapi sa bangko kung saan ito ay kumita ng interes (v. 26-27). Hindi siya sinisi ng kanyang panginoon dahil sa kanyang hindi magandang ginawa kundi dahil sa wala man lamang siyang ginawa (tamad o batugan). Ito ay nagpapakita sa atin ng isang malinaw na kaso ng maling pangangasiwa.

### TRUTH TAG

*"Hindi ko na kayo itinuturing na mga alipin, sapagkat hindi alam ng alipin ang ginagawa ng kanyang panginoon. Sa halip, itinuring ko kayong mga kaibigan, sapagkat sinabi ko sa inyo ang lahat ng narinig ko sa aking Ama."* **Juan 15:15**

Si Jesus ay naghahanap ng mga tao na susunod sa Kanya bilang Panginoon. At doon sa mga gumawa nito, Kanyang inihayag sa kanila ang kalooban ng Diyos para sa mga tao: hindi lang para maranasan nila ang buhay na masagana kundi maranasan din ang isang taimtim na relasyon sa Kanya bilang Kanyang kaibigan.

Ang Diyos ang Tunay na Panginoon ng mundong ito. Ngunit kay Jesus, Siya ay dumating bilang isang ginigiliw na kaibigan. Gaya ng alinmang pagkakaibigan, ito ay nangyayari bilang resulta ng pakikipagrelasyon. Gusto mo bang maumpisahan ang ganyang estadu ng kaugnayan ngayon? Pakilipat sa pahina 42 .

## LUMIPAT MULA SA WALANG SAYSAY NA PALIGSAHAN PATUNGO SA PAPURI

Ipinakita ng dalawang lingkod na sila ay eksaktong kabaligtaran ng pagiging 'masama at tamad'. Ang panginoon mismo ang pumuri sa kanila sa pagiging 'mabuti at tapat'.

Mapapansing hindi pinagkumpara ng panginoon ang tagumpay ng una sa ikalawang lingkod. Alam ng panginoon na ang mga tao ay mayroong magkakaibang abilidad. Ngunit pinili ng dalawang lingkod na pumasok sa negosyo upang ang salapi ng kanilang panginoon ay kumita habang siya ay wala. Ipinakita nila na habang ang mga tao ay hindi pareho ang kakayahan, sila ay maaring maging pantay sa pagsisikap.

At pinuri ng panginoon ang bawat isa sa kanila para sa pagbibigay ng kanilang pinakamahusay sa abot ng kanilang kakayanan sa kung ano ang ibinigay sa kanila.

Nagsasabi ito sa atin, na sa huli, ang mahalaga ay hindi kung ano ang mayroon sa iyong kamay kundi kung paano mo ito gamitin. Mas mabuting ituon natin sa kung paano tayo maging pinakamalikhain sa kung sino tayo at kung anong mayroon tayo kaysa ikumpara ang ating mga sarili sa ibang tao. Ang ating tunay na kompetensyon ay may kinalaman sa potensyal na siyang tunay nating pagmamay-ari. Sa bandang huli, ang pagkilala ay manggagaling sa Isang nakakakita sa tunay na kalagayan ng puso ng bawat isa.

> *"I try to imagine, every once in a while, what it would be like to stand before God and hear the words, 'Well done, good and faithful servant.'"* **-John Ortberg**

## PAGLINGKURAN ANG PINAKAMAHUSAY NA AMO

Taliwas sa kung ano ang inisip ng ikatatlong lingkod, na ang kanilang panginoon ay malupit at tusong tao, napatunayan na siya pala ay mapagbigay, makatarungan at sinsero. Hindi lamang niya pinagkalooban ng gantimpala ang dalawang tapat na lingkod ng mas marami pang pagkakataon sa buhay, siya din ay nakibahagi sa kanilang kagalakan.

Ang pambungad na mga talata sa kuwento ay nagbunyag din na ang panginoon ay hindi lang tagapamahala na puno ng karunungan, siya din ay puno ng paniniwala sa kanyang mga lingkod. Ang orihinal na Griegong salita para sa kung ano ang ipinamahagi ng panginoon sa kanyang mga lingkod ay nangangahulugan ng isang buong ari-arian ng isang tao (v.14). Kung ang tatlong lingkod ay mabigo, ito ay una sa lahat kanyang magiging kawalan, hindi sa mga lingkod. Ngunit pinili ng panginoon na magtiwala sa kakayahan ng kanyang mga lingkod.

Maraming tao ang nagpapahayag na hindi trabaho ang kanilang iniiwan kung hindi mga amo na hindi nila kayang pakisamahan. Sa talinghaga, ating nakita ang isang larawan ng mabuting panginoon. Isang tao na handang magbahagi ng kung ano ang mayroon siya, ipinagkatiwala sa mga tao na kanyang nasasakupan at naniwalang mapabuti ang kanilang ginagawa kahit na siya ay nasa malayo. Mapalad ang mga taong nakatagpo ng ganitong amo sa kanilang mga pinagtatrabahoan.

Ang kwentong ito ay gumuguhit para sa atin sa kung paano tayo mamumuhay sa ilalim ng pangangalaga ng Diyos. Ating nakita sa panginoon sa talinghaga ang isang larawan ng Diyos, ang ating tunay na Panginoon. Siya ay inilarawan na tagapaggantimpala sa mga taong naniniwala sa Kanya at naghahanap sa Kanya. Ano ang karakter ng Diyos? Sa Exodus 33:6, ipinakilala niya ang Kanyang sarili na "Ang Diyos ng habag at awa... mabagal magalit at puno ng hindi nabibigong pag-ibig at katapatan; nagkakaloob ng hindi nabibigong pag-ibig sa libo-libong henerasyon, nagpapatawad sa kasamaan, rebelyon at kasalanan...ngunit hindi ipinagwalang bahala ang may-sala" Ngayon, sino ang hindi magtitiwala sa ganitong uri ng Diyos? Sino ang hindi mabuyo na gawin ang kanilang pinakamahusay para sa ganitong amo?

Hindi lamang Siya ay isang mapagmahal na Ama, Siya rin ay mabuti, resonable at mahabaging Panginoon. Sa huli, hindi mahalaga sa kanya kung gaano tayo magiging matagumpay kumpara sa ibang tao. Ang tanging hinahanap Niya ay maging matapat tayo sa kung ano ang pinapagawa niya sa atin.

Ang Bibliya ay nagsasabi sa atin na maari tayong palaging pumili na magtrabaho para sa Diyos at gawin ang ating pinakamahusay para sa Kanya anuman ang klase ng amo o sitwasyon ng trabaho mayroon tayo.

*23 Anuman ang inyong ginagawa, gawin ninyo nang buong puso na parang sa Panginoon kayo naglilingkod at hindi sa mga tao. 24 Sapagkat si Cristo ang Panginoong pinaglilingkuran ninyo at alalahanin ninyong pagkakalooban kayo ng Panginoon ng gantimpalang inilaan niya para sa inyo.* - Colosas 3:23-24

### LIFE HACKS

Ang tunay na tagumpay sa trabaho ay ang pagtupad sa kung ano ang ipinapagawa sa iyo ng Diyos, na nangangailangan ng pamamahala at pananagutan sa kung ano ang ipinagkatiwala Niya sa iyo.

> *"If a man is called to be a street-sweeper, he should sweep streets as Michelangelo painted, or Beethoven played music, or Shakespeare wrote poetry. He should sweep streets so well that all the hosts of heaven and earth will pause to say, here lived a great street-sweeper who did his job well."*
>
> **– Martin Luther King Jr.**

## PAGPAPAHAYAG (EXPRESS)

Maghalinhinang ibahagi ang iyong mga naiisip sa mga sumusunod na mga punto:

1. Bakit, sa iyong palagay, ang panginoon ay hindi nagkatiwala ng magkaparehong bahagi ng kanyang pagmamay-ari sa tatlong mga lingkod?

2. Ano sa iyong palagay ang inaasahan ng panginoon sa mga lingkod na gagawin nila sa salapi na kanyang iniwan sa kanila?

3. Sa iyong pananaw, bakit kaya ang panginoon ay nagbigay ng magkahalintulad na papuri sa unang dalawang lingkod sa kabila ng halaga ng kita na kanilang nagawa sa kanyang salapi?

4. Bakit sa iyong palagay ang panginoon ay lubhang nagalit sa pasya ng pangatlong lingkod patungkol sa salapi na ipinagkatiwala sa kanya?

5. Sa talinghaga, ang Diyos ay sinisimbolo ng panginoon. Kung ikaw ang isa sa mga lingkod at ikaw ay nakatayo sa harap ng Diyos sa Kanyang pagbabalik, ano kaya sa iyong palagay ang iyong maririnig mula sa Kanya – isang papuri o pagsasaway?

# PAGSASABUHAY (EXPERIENCE)

Para sa personal na aplikasyon:
Ang Diyos ay nagkatiwala ng mga talento at kakayanan sa bawat isa sa atin. Ang Panginoon ay umaasa sa atin na pangangasiwaan ito ng maayos upang tayo ay maaring makaranas ng pinakamataas na kita sa Kanyang pamumuhunan – ang mga kaloob na Kanyang ibinigay sa bawat tao na kanyang nilikha. Ngunit alam mo ba kung ano ang biniyaya ng Diyos sa iyo? Ang pagsasanay na ito ay tutulong sa iyo na matuklasan o mapagtibay kung anoman ang tinawag ng Diyos na iyong gagampanan. Ito ay mahalagang hakbang sa pag -alam kung saan gusto ng Diyos na gamitin ka at pagpalain ng husto habang ikaw ay matapat na namamahala sa kung ano ang ipinagkatiwala sa iyo.

1. Maglarawan ng isa o dalawang mga gawain na iyong kinawiwilihan ng husto at nakitang madaling gawin habang ikaw ay lumalaki. Isama ang mga pangpaaralan o pang-akademiyang pinagkakaabalahan ngunit mas higit pa dyan – isipin mo ang mga uri ng laro na iyong gustong laruin at iba pang mga panglibang na gawain.

2. Isulat kung paano itong mga paboritong mga bagay at aktibidad ay nadala mo hanggang sa iyong pagtanda.

3. Magsulat ng maski isang katangian, kaloob, interes, o kakayahan na mayroon ka sa pamamagitan ng paggamit sa mga titik sa Alpabetong Ingles bilang gabay.

4. Ano sa iyong pakiramdam ang iyong nangungunang tatlong pinakamagaling o pinakamalakas na katangian, kaloob, interes o kakayahan (ating tatawagin sa pangkalahatan ang mga ito na iyong mga talento) mula sa listahan?

5. Isaalang-alang kung paano ang iyong pinakamagaling na talento (mula sa tanong bilang 3 & 4) ay nauugnay sa iyong mga paboritong mga gawain (mula sa tanong bilang 1 & 2). Anong mga koneksyon ang iyong nakikita sa pagitan ng iyong mga paboritong gawain at iyong pinakamagaling na talento? Ang mga koneksyon na ito ay mahalagang pananda sa kung paano ka biniyayaan ng Diyos at kung anong gusto Niya na sundan mo bilang iyong pagkakatawag!

| |
|---|
| **A -** |
| **B-** |
| **C-** |
| **D-** |
| **E-** |
| **F-** |
| **G-** |
| **H-** |
| **I-** |
| **J-** |
| **K-** |
| **L-** |
| **M-** |
| **N-** |
| **O-** |
| **P-** |
| **Q-** |
| **R-** |
| **S-** |
| **T-** |
| **U-** |
| **V-** |
| **W-** |
| **X-** |
| **Y-** |
| **Z-** |

Chaddock, Robin. *How to Find Your Personal Path to Success.* Harvest House Publishers, 2005. Eugene, OR, USA p.92

# IKATATLONG SESYON

## LIFEGOALS: MAGTAGUMPAY SA PANANALAPI

### PAGSASALIKSIK (EXPLORE)

Ayon kay John Maxwell, ang ideya na ang pagkaroon ng salapi ay kahalintulad ng pagiging matagumpay ay marahil ang pinaka-karaniwang maling pagkaunawa tungkol sa tagumpay. Ito ay nagbigay daan sa karamihan na maniwala na kung sila ay magkamal ng kayamanan, sila ay magiging matagumpay. Ngunit ang kayamanan ay hindi naghahatid ng kapanatagan o tagumpay[1]. Isaalang-alang ang paglalarawang ito mula sa aklat na, 'Your Roadmap to Success'

'Ang industriyalistang si John D. Rockefeller, isang taong ubod ng yaman na kanyang ipinamigay ang mahigit sa $350 milyon sa buong buhay niya ay minsang tinanong kung gaano kalaking halaga ng pera ang kailangan upang mapasiya siya. Ang kanyang sagot: 'Mas higit pa ng kunti'. Si Haring Solomon ng sinaunang Israel, ay tinagurian, hindi lamang ang pinakamatalino, kundi ang pinakamayaman din na nabuhay, iginiit niya na, 'Ang gahaman sa salapi ay walang kasiyahan at ang sakim sa kayamanan ay hindi masisiyahan sa kaunting pakinabang. Ngunit ito man ay walang kabuluhan.' (Mangangaral 5:10)

Ang kayamanan at ang hatid nito ay lumilipas din. Halimbawa, noong 1923, isang maliit na grupo ng mga pinakamayayaman sa buong mundo ay nagtipon sa Edgewater Beach Hotel sa Chicago, Illinois. Sila ang mga 'Who's who" o mga bantog at kilalang mayayaman at makakapangyarihan. Sa mga panahong iyon, sila ay nagkokontrol ng mas higit na halaga ng pera kaysa pangkalahatang halaga na nilalaman ng kabang-yaman ng Estados Unidos (USA). Nandito ang listahan ng kung sino ang nandoon at kung ano sa bandang huli ang nangyari sa kanila:

- Charles Schwab – presidente ng pinakamalaking pagawaan ng bakal – namatay ng naghihikahos. Sa mga huling taon ng kanyang buhay, namuhay siya sa pagkakautang ...at nag-iwan ng isang naluluging ari-arian na may mga utang at obligasyon na nagkakahalaga ng $1.7 milyon.[2]

- Arthur Cutten – pinakamagaling sa mga nagnenegosyo ng trigo- namatay sa atake sa puso noong 1936, ilang buwan bago siya tatayo sa korte para sa kasong pag-iwas magbayad ng $400,000.00 ng buwis sa kinita (na may 2 pang paratang sa magkaparehong kaso na nakabinbin). Siya ay namatay sa parehong hotel na kung saan ang makasaysayang pagtatagpo ay naganap ilang taong lang ang nagdaan.[3]

- Richard Witney – na naging presidente ng New York Stock Exchange – naggugol ng 3.5 taon sa kulungan ng Sing Sing dahil sa pagkulimbat ng pondo mula sa ariarian ng kanyang biyenan.[4]

[1] Maxwell, John, *Your Road Map to Success, Nelson Business* (Thomas Nelson Publishers) 2002, USA p.34

2 http://www.snopes.come/glurge/fortune.asp. Accessed 6/8/2016 3:18 PM GMT +8

[3] Ibid.

[4] Ibid

- Albert Fall – miyembro ng gabinete ng isang presidente ng Amerika – may mga kasong isinampa laban sa kanya sa pagitan ng 1926 hanggang 1929 para sa pakikipagsabwatan na dayain ang gobyerno at sa pagtanggap ng suhol; siya ay nahatulan ng 1 taong pagkabilanggo para sa kaso at pinalaya pagkatapos mapaglingkuran ang kanyang panahon sa bilanggoan na hindi nakapagbayad ng kaukulang multa (siya ay walang kakayanang magbayad) na kasama sa kanyang hatol. [1]

- Jess Livemore – pinakamahusay na 'bear' sa Wall Street – kalunos-lunos na nagpakamatay pagkatapos ng Thanksgiving noong 1940. [2]

- Leon Fraser – na 'di kalaunan ay naging presidente ng Bank of International Settlements – nagpakamatay din sa edad na 55 noong 1945. [3]

- Ivar Kreuger – pinuno ng pinakamalaking monopoliya sa buong mundo – nagbaril sa kanyang sarili noong Marso 12, 1932. [4]

Siyempre, hindi lahat ng mayayaman at makakapangyarihang tao ay nagtapos ng kanilang buhay sa pagiging bangkarote at pagpapakamatay...ngunit kahit ang Griegong milyonaryo na si Aristotle Onassis, na napanatili ang kanyang kayamanan at namatay sa matandang edad, kumikilala na ang salapi ay hindi kahalintulad ng tagumpay. Sinabi pa niya, 'darating ka sa isang punto na kung saan ang salapi ay nagiging hindi na importante. Ang mas mahalaga ay ang tagumpay'. [5]

1. Ano sa iyong palagay ang magkahalintulad na katangian ng kabiguan at masaklap na kinahihinatnan sa huli ng mga mayayaman at makapangyarihang tao na inilarawan sa itaas?

2. Ano sa iyong paniniwala ang humimok sa mga tao sa ating totoong-buhay na pagsasalarawan na maging matagumpay sa unang banda?

3. Paano mo pagkakaibahin ang kayamanang pananalapi at ang tunay na tagumpay, gaya ng minsang inihayag ng isang Griegong mayaman na negosyante ng langis at milyonaryo na si Aristotle Onassis?

4. Sa iyong pakiramdam, ano ang makakatulong sa iyo upang maiwasan ang trahedyang kahihinatnan ng iyong buhay, lalo na kung ikaw ay naging matagumpay sa iyong larangan ng trabaho o piniling karera sa buhay?

[1] http://www.snopes.come/glurge/fortune.asp. Accessed 6/8/2016 3:18 PM GMT +8

[2] Ibid.

[3] Ibid.

[4] Ibid

[5] Maxwell, John, *Your Road Map to Success, Nelson Business* (Thomas Nelson Publishers) 2002, USA pp.34-35

# PAGSUSURI (EXAMINE)

Ang problema ng maraming tao ngayon ay hindi sa sila'y kumikita ng kaunti kaysa sa kanilang pangangailangan. Ito ay sa gumagastos sila ng mas higit pa kaysa dapat.

Araw-araw ay tadtad ng mga bilbords ng mga pinakabagong mga bagay na dapat mayroon tayo, patalastas sa kung ano ang patok sa merkado at sari-saring nakahihimasok na mga patalastas sa sosyal medya, ang mga tao ay nagkaroon ng hindi mapigilang pagnanais na magkamit ng mga materyal na bagay sa mas maraming bilang. Natatagpuan natin ang ating mga sarili na namumuhay sa isang mundo na pinapatakbo ng isang kultura ng konsumerismo. Isang uri ng pamumuhay na kung saan ang pagnanasa na magkamit ng mas marami, bumili ng mas marami, at magmay-ari ng mas marami ay lalong lumalakas sa araw-araw. Hindi nakakapagtaka kung bakit ang dami sa lipunan ngayon nakikita ang kanilang pagpapahalaga sa sarili na nakakabit sa kung ano ang kanilang pagmamay-ari. Isang sikat na islogan"Ako ay namimili, samakatuwid ay, ako" ay naging pilosopiya ng 'market-driven' na lipunan ngayon.

Sa mundong kung saan ang isang tao ay kasing buti lang ng kanyang huling pagbili, ang natural na presyon ay para sa mga tao na maghangad ng lalo pang tumataas na antas ng kakayanang bumili. Ang pangangailangan sa pera ay humahantong sa pangangailangan na magkamit pa ng mas maraming pera. Hindi nakapagtataka na maraming mga 'scams' na nangangako ng madaliang pera at hindi kapanipaniwalang kita sa mga puhunan ay nagpapatuloy na naghihikayat sa mga taong walang masyadong alam.

Kapit sa patalim, marami ang humantong sa punto na namumuhay sa utang, gumagasta ng pera na hindi pa nahahawakan ng kanilang mga kamay. Hindi katakataka na hindi iilan ang nakakita sa kanilang mga sarili na nagtatrabaho lamang para sa pera. Ang mas nakalulungkot na bahagi sa kwento ay parami ng parami ang mga taong nagtatalaga sa karamihan ng kanilang panahon, kahit na pagsakripisyo ng mahahalagang sandali kasama ang kanilang mga pamilya, para makapagtrabaho ng mas matagal at kumita ng mas malaki.

Ang sesyon na ito ay titingin ng malapitan sa kung ano ang ibig sabihin ng pagiging tunay na matagumpay sa pananalapi. Paano mamuhay ang isang tao sa katotohanan na ang pera ay mahalaga sa buhay na ito at hindi nakakaligtaan na may ibang mga bagay na mas mahalaga pa?

*"We buy things we don't need with money we don't have to please people we don't like."* – **The Fight Club**

## IBIGAY ANG PAGKILALA SA DAPAT TUMANGGAP NG PAGKILALA

Ang problema sa pananalapi ng isang tao ay sa huli problema ng tiwala. Hindi ang laki ng 'trust funds' ngunit kung saan ilalagay ng tao ang kanyang 'trust' para sa pinansyal na katatagan at tagumpay. Sa isang banda, ang pagkabahala sa pera ay isang isyu ng katatagan/pagpapanatili. Ang Bibliya ay naghahayag sa atin ng nakakaginhawang katotohanan na ang isang tao ay maaring hindi mabahala patungkol sa pera o kahit na anong materyal na bagay. Sinabi ni Hesus,

*25 "Kaya't sinasabi ko sa inyo, huwag kayong mabalisa tungkol sa inyong kakainin at sa [inyong iinumin] [a] upang kayo'y mabuhay o kaya'y tungkol sa susuutin ng inyong katawan. Hindi ba't ang buhay ay higit na mahalaga kaysa pagkain at ang katawan kaysa damit? 26 Masdan ninyo ang mga ibon. Hindi sila nagtatanim ni umaani man o kaya'y nagtitipon sa kamalig, ngunit pinapakain sila ng inyong Ama na nasa langit. Hindi ba't higit kayong mahalaga kaysa mga ibon? 27 Sino sa inyo ang makakapagpahaba ng kanyang buhay nang kahit isang oras sa pamamagitan ng kanyang pagkabalisa?*

*28 "At bakit kayo nababalisa tungkol sa pananamit? Isipin ninyo kung paano tumutubo ang mga bulaklak sa parang; hindi sila nagtatrabaho ni gumagawa ng damit. 29 Ngunit sinasabi ko sa inyo, kahit si Solomon sa kanyang karangyaan ay hindi nakapagdamit nang singganda ng isa sa mga bulaklak na ito. 30 Kung dinadamitan ng Diyos ang damo sa parang, na buháy ngayon, at kinabukasan ay iginagatong sa kalan, kayo pa kaya? Kay liit ng inyong pananampalataya sa kanya! 31 "Kaya't huwag kayong mag-alala na baka kayo kapusin sa pagkain, inumin o damit. 32 Hindi ba't ang mga Hentil ang nababahala tungkol sa mga bagay na ito? Alam na ng inyong Ama na nasa langit na kailangan ninyo ang lahat ng ito.*

Ang sinabi ni Hesus ay isang paalala na ang pera ay hindi ang siyang pinakamimithing bagay sa buhay kundi ang Diyos na pinagmumulan ng lahat. Siya ay nangungusap patungkol sa isang Diyos na kayang magbigay sa atin ng kahit anomang bagay na ating kailangan dahil Siya ay isang mapagmahal na Ama na ang hangad ay gawin ito.

Kalakip ng nakakaaliw na katotohanang ito ay ang hindi nakakapalagay na pagtanto na tayo'y walang pagmamay-ari sa mundong ito. Tayo ay mga katiwala lamang na pinagkatiwalaan sa kung anong mayroon tayo sa ating mga kamay. Ang lahat na mayroon tayo ay isang 'trust'. Ang Bibliya ay nagsasabi sa atin na 'ang buong mundo at ang lahat na mayroon ito, ang sanlibutan at ang lahat na nanirahan dito' (Salmo 24:1) at na 'Siya ang nagbibigay sa iyo ng kakayanang maglikha ng kayamanan.' (Deuteronomy 8:18). Wala tayong anomang paymamay-ari , sapagkat ang lahat ng bagay, sa katotohanan, ay sa Diyos. Ang lahat ng ito ay sa Kanya. At tayo ay mapalagay sa katotohanan na ang tao na may Diyos ay mayroon ding lahat ng bagay na kanyang kailangan sa buhay; siya ay nasa kamay ng tunay na Nagmamay-ari ng lahat ng bagay.

## TRUTH TAG

*24 "Walang aliping makakapaglingkod sa dalawang panginoon, sapagkat kapopootan niya ang isa at iibigin ang ikalawa, paglilingkuran nang tapat ang isa at hahamakin ang ikalawa. Hindi ninyo maaaring paglingkuran nang pareho ang Diyos at ang kayamanan."* **Mateo 6:24**

Isa sa mga pinakamasamang bagay na maaring mangyari sa isang tao ay ang ipagpalit ang Tagapagkaloob sa kanyang kaloob at ilagay ang tiwala sa salapi sa halip na sa Maylikha. Ang yaman ay makakapagbigay ng maraming bagay na ating kailangan sa buhay. Ngunit hindi lahat ay maaring bilhin ng salapi. Ang Diyos lamang ang makapagbibigay ng mga bagay na hindi kayang bilhin ng kayamanan. Ilagay ang iyong pananalig hindi lamang sa pagpaparami ng iyong pananalapi sa mundo kundi sa pagkilala sa Amang nasa langit.

Pakilipat sa pahina 42 at kilalanin pa ng mas maigi ang Diyos na nagmamay-ari ng lahat ng bagay at makapagbibigay sa iyo ng lahat ng ito!

## BILANGIN ANG TUNAY NA MAHALAGA

Ngunit tayo ay humaharap sa kaaway na ang tanging layunin ay sirain ang ating buhay, siya ay abala sa 'pagnanakaw, pagpatay at pagsira" sa dakilang plano ng Diyos para sa tao na magkaroon ng buhay at magkaroon nito ng masagana (Juan 10:10). Siya ay nag-aalok sa mga tao ng mga mabubuting bagay sa buhay na ito; katanyagan, pinansiyal na seguridad, yaman. Siya nga ay sumubok na suholan si Hesus, tinukso Siya sa pamamagitan ng mga yaman ng mundong ito. Ngunit si Hesus ang mas nakakaalam. Sa huli, ang layunin ng 'pagpapala' na galing sa kaaway ay ilagay ang buhay ng mga walang muwang na mga biktima sa pighati, kasiraan at walang pag-asa. Ang Bibliya ay nagpahayag ng ganitong paalala,

*"Sa katunayan, may malaki ngang pakinabang sa relihiyon kung ang tao'y marunong masiyahan. 7 Wala tayong dinalang anuman sa sanlibutan, at wala rin tayong madadalang anuman pag-alis dito. 8 Kaya, dapat tayong masiyahan kung tayo'y may pagkain at pananamit. 9 Ang mga nagnanasang yumaman ay nahuhulog sa tukso at nasisilo sa bitag ng masasama at mga hangal na hangarin na nagtutulak sa kanila sa kamatayan at kapahamakan.10 Sapagkat ang pag-ibig sa salapi ay ugat ng lahat ng kasamaan. Dahil sa paghahangad na yumaman, may mga taong nalalayo sa pananampalataya at nasasadlak sa maraming kapighatian."* 1 Timoteo 6:6-10

Ngayon, nakakakita tayo ng mga tao na nag-iipon ng kayamanan sa mga maling paraan. Pandaraya, korapsyon, at pagsasamantala ay maaring gawin ang isang tao na napakayaman. Ngunit ang Bibliya ay nagbibigay ng ganitong pananaw sa kayamanan: "Ang pagpapala ni Yahweh ay kayamanan, na walang kasamang kabalisahan. (Mga Kawikaan 10:22). Ang kawikaan ay nagsasalita tungkol sa isang partikular na uri ng kayamanan na hindi nagtatapos sa kalungkutan. Hindi kagaya ng sa kaaway, ang pagpapala na dumadaloy mula sa kamay ng Diyos ay dumarating na walang hinihiling na kapalit. Ito ay ipinagkaloob sa grasya, sa pamamagitan ng grasya at ng may grasya. Siya ay mapagbigay na nagkakaloob nito para sa ating kabutihan at sa kapakanan ng mga tao sa ating paligid. Ito ang uri ng pagpapala na nagdudulot ng kasiyahan, batid nating lubos na ang Diyos ang nagbibigay ng kung ano ang kailangan at hindi palaging kung ano ang gusto.

Ngunit ang katotohanan na ang Diyos ay nagbibigay ng mga pagpapala ay hindi dapat maging dahilan upang tayo'y maging tamad. Ang mga pagpapala ay ibinigay ng Diyos sa mga tao bilang isang 'trust'. Ang Diyos ay naghahanap ng mga responsableng tagapangasiwa na hindi sasayangin ang Kanyang mga pagpapala. Nang ating tinanggap ang responsibilidad, hindi lamang ito pagpapakita ng ating pagtanaw ng utang na loob, ito rin ay nagpapahintulot na dumami ang pagpapala para sa ibang mga tao na makinabang rin dito.

## MANGAHAS NA MAGBAHAGI

Ang mamuhay ng isang pinagpalang buhay ay isang pagkakataon na maging pagpapala sa maraming mga buhay. Si John Wesley ay nagsabi minsan na, 'Kumita sa abot ng iyong makakaya, mag-ipon sa abot ng iyong makakaya, magbigay sa abot ng iyong makakaya'. Kanyang pinagsama ng maganda ang mga katangian ng pagsusumikap, pagiging masinop, at mapagbigay at sa isang pangungusap ipinakita kung paano ang isa ay maghatid patungo sa iba.

Ang mamuhay ng isang pinagpalang buhay ay isang pagkakataon na maging pagpapala sa maraming mga buhay. Si John Wesley ay nagsabi minsan na, 'Kumita sa abot ng iyong makakaya, mag-ipon sa abot ng iyong makakaya, magbigay sa abot ng iyong makakaya'. Kanyang pinagsama ng maganda ang mga katangian ng pagsusumikap, pagiging masinop, at mapagbigay at sa isang pangungusap ipinakita kung paano ang isa ay maghatid patungo sa iba.

Ang mas mabuting sukatan sa halaga ng isang tao ay hindi sa kung magkano ang naitabi niya para sa kanyang sarili kundi sa kung magkano ang naibahagi niya sa iba.

Si John Ortberg, sa kanyang aklat na, 'It all Goes Back in the Box' nagsasabi na kung paano, isang araw, ang lahat ng kayamanan na ating naipon sa mundong ito ay 'babalik sa kahon'. Tayo ay hindi makapagdadala ng anomang salapi na kasama natin kung tayo ay mamatay. Sa bandang huli, ang mahalaga ay hindi kung gaano kalaking salapi ang ating naiwan, kundi gaano kalaking pag-ibig ang ating iniwan sa mundo. Si Andrew Carnegie, marahil ang isa sa pinakamayamang tao na nabuhay, napagtanto niya na 'walang diosdiosan na mas nakapapahamak kaysa ang pagsamba sa salapi'. Kaya naman itinuon niya ang natitirang mga taon ng kanyang buhay sa pagbabahagi ng mga kayamanan na kanyang nalikom sa kanyang tanang buhay, kumbensido na sa isang mundong napakatindi ng pangangailangan at pagdurusa 'ang taong mamatay na mayaman, mamatay na kahiyahiya'.

Ikaw ay maaring hindi isang milyonaryo na may maraming pera na ipamahagi at ipamigay. Ngunit maari mong hamonin ang iyong sarili na maging daluyan ng mga pagpapalang dumating sa iyong landas. Ang totoo, walang sinoman ang walang-wala na hindi kayang magbahagi. Ang Bibliya ay nangako na 'ang Diyos ay mapagbigay na tumutugon sa lahat ng ating mga pangangailangan. Magkagayon, ikaw ay palaging magkakaroon ng lahat ng iyong kailangan at marami pang sobrang maiwan para ibahagi sa iba (2 Corinto 9:8). Nang sa gayon, ikaw ay maaring pumili na mamuhay hindi lamang sa loob o mas mababa pa sa iyong pinansyal na kakayahan para lang na makapagbigay ng mas marami. Ang palagi-ang hamon ay ang mamuhay ng simple, upang ang iba ay simpleng mabuhay. Isa sa mga pinaka-interesanteng pahayag na ginawa ng Bibliya patungkol sa mga unang tagasunod ni Hesus ay "walang sinomang taong naghihikahos sa kanilang kalagitnaan" (Mga Gawa 4:34-35). Ang mga taong may pagmamay-ari ay bulontaryong nagbabahagi nito sa mga tao na nangangailangan ng tulong. Walang duda, ito ang uri ng pamumuhay na kanilng natutunan mula sa kanilang Panginoon na nag-alay ng Kanyang buhay upang ang iba ay mabuhay.

> *"We make a living by what we get, and we make a life by what we give."* – **Dave Toysen**

## LIFE HACKS

Mula sa isang makalangit na pananaw, tayo ay nabubuhay sa utang; wala tayong pagmamay-ari na kahit anong bagay dahil ang Diyos ang nagmamay-ari ng lahat. Kung ang lahat ay sa Kanya, wala talagang sa iyo.

> *"Money has never made me happy, nor will it, there is nothing in its nature to produce happiness. The more of it one has the more one wants."* – **Benjamin Franklin** (US President. Ang kanyang imahe ay nakaimprinta sa US $100 na perang papel)

# PAGPAPAHAYAG (EXPRESS)

1. Habang lumalaki, anu-anong mga prinsipyong pang pinansyal at gawain ang itinuro ng iyong mga magulang sa salita at/o gawa?

2. Alin sa tatlong pangpinansyal na prinsipyo na natalakay na ay ang pinakaangkop sa iyo sa puntong ito? Ano kaya ang iyong pinaka-agarang aplikasyon para sa prinsipyong ito?

# PAGSASABUHAY (EXPERIENCE)

Para sa personal na aplikasyon:

1. Mayroon ka bang budget na nakasulat? Kung hindi mo pa pinapangasiwaan ang iyong salapi na nakabase sa isang makatotohanang budget, umpisahan mo na ngayon. Sundan ang mga iminungkahing mga hakbang sa pagtatag ng simpleng plano ng pagbabudget na ipinakita sa aklat ni Dr. Andrew Luison na, 'The Debt-Free Lifestyle'.

   Kung ikaw ay may asawa na, siguraduhing ito ay isang samasamang pagsasanay at nakapagkasunduang plano kasama ang iyong asawa. Kung ikaw ay mayroong nakatatandang mga anak, maari mo rin silang isama sa proseso ng pagpaplano upang sila ay masanay sa kung paano maging mabuting tagapangasiwa ng pananalapi ng mas maaga.

   Hakbang 1: Ilista ang lahat ng iyong kita.

   Hakbang 2: Ilista ang lahat ng iyong araw-araw na gastusin para sa susunod na 30 araw.

   Hakbang 3: Pagbuklurin ang iyong mga gastusin alinsunod sa kanilang uri o kategorya.

   Hakbang 4: Gumawa ng simpleng pagsusuri sa iyong mga gastusin at tingnan kung aling mga transaksyon ang mayroong malalaking halaga, maliit na halaga, at iba pa.

   Hakbang 5: Magdesisyon kung magkano ang iyong gustong gastahin sa bawat isa sa mga I nuunang kategorya ng gastusin bawat buwan.

   Hakbang 6: Manatili sa iyong budget na para bang dito nakasalalay ang iyong buhay.

2. Ikaw ba ay gumagamit ng mga 'credit cards'? Kung ikaw ay gumagamit, gaano mo napapangasiwaan ng maayos ang mga transaksyon ng iyong credit cards? Tingnan ang listahan sa ibaba upang sukatin kung paano mo ito nagagawa.

| | |
|---|---|
| "Umuutang lamang ako ayon sa kung ano ang nakabudget na" | _____ OO _____ HINDI _______ MINSAN |
| 'Umuutang lamang ako kung mayroon akong sapat na pera para pambayad sa credit card bago o sa araw mismo ng bayaran' | _____ OO _____ HINDI _______ MINSAN |
| 'Ako ay nagbabayad ng aking buwanang bayarin sa credit card ng buo bago o sa araw mismo ng bayaran' | _____ OO _____ HINDI _______ MINSAN |

Kung ikaw ay walang mga sagot na 'Hindi', pinakamainam siguro kung ihinto mo muna ang paggamit ng credit cards hanggang ang lahat ng iyong utang ay nabayaran at ang iyong badget ay nasa ayos na. Kung kinakailangan mong gupitin o sirain ang iyong mga cards para makaiwas sa tukso na gamitin ito, gawin mo!

Kung ikaw ay may mga sagot na 'Minsan', pinakamainam na suriin kung paano mo mapangasiwaan ang iyong paggamit ng credit card ng mas mabuti at baguhin ang iyong mga nakasanayang gawi sa paggasta gamit ang credit card.

Kung ikaw ay sumagot ng 'Oo' sa lahat ng mga tanong, maayos at mabuti! Gayunpaman, siguraduhin na ikaw ay patuloy na sumusunod sa mga prinsipyong pangpinansyal na iyong natutunan sa aralin na ito.

**Liuson, Andrew. The debt-Free lifestyle---- Ten Principles That Can Revolutionize Your Life. Church Strengthening Ministry, 2015. Makati City, Philippines*

# IKAAPAT NA SESYON

## LIFEGOALS: MAGTAGUMPAY SA PAGBALANSE NG BUHAY

## PAGSASALIKSIK (EXPLORE)

Kumusta ang antas ng iyong stress? Alamin sa pamamagitan ng pagkuha nitong libreng pagsusulit sa tension sa online. Pumunta sa **http://www.stress.org.uk/individual-stress-test/.**

Pagkatapos makuha ang pagsusulit, agarang mong matatanggap ang iyong resulta – at sa karagdagan, mababasa mo ang maraming pagsasaliksik na may koneksyon sa mga nagdudulot ng stress at mga rekomendasyon sa kung papaano pangasiwaan ang stress sa iyong buhay. Masayang pagsusulit!

### LEARNING NUGGET

Ang pagiging abala at maraming ginagawa ay kadalasang nakikita bilang indikasyon ng isang matagumpay na tao. Matapos ang lahat, kung ikaw ay mas kapaki-pakinabang, magkakaroon ka ng mas maraming trabaho, tama? Hmm, isiping muli! Parami ng paraming mga tao ngayon ang nagising sa katotohanan na ang pinakamataas na pagsasagawa ay hindi katulad ng rurok ng pagsasagawa. Ang ating dapat na gawing layunin ay ang mamuhay na malusog upang tayo ay makapagbigay ng ating pinakamahusay – ang ating rurok na pagsisikap! Kung hindi, ang pagtakbo ng labis-labis, sa madalit' malaon, ay maghahatid sa atin sa puntong wala na tayong maibigay.

Kaya kumusta na ang antas ng iyong stress? Ikaw ba ay mas kahalintulad ng isang abalang bubuyog na tinutupad ang mga utos buong araw, o ikaw ay kagaya ng isang maamong tupa na nagpapahinga ng tahimik sa sariwang pastulan sa ilalim ng pangangalaga ng Mabuting Pastol?

## PAGSUSURI (EXAMINE)

Isang matalinong pagbubulay-bulay ng isang sinaunang kawikaan – ano ang mahabang buhay kung mamumuhay sa kahirapan at karamdaman? O kaya ano ang kayamanan kung ito ay makamtan na kapalit ang kalusugan at hindi napapanahong kamatayan? Ngunit, karaniwan na makakita ng mga tao na gustong pumasok sa mga trabaho na kung saan ang panganib sa kalusugan ay masyadong halata na ipagwawalang bahala lang. Ang mga tao ay hindi lang stressed-out kundi malapit na ring bumigay dahil sa mga hinihingi ng kanilang trabaho. Lahat ng ito'y para subukang makamit kung ano ang sa palagay nila ay kailangan. Ito ay maaring kahanga-hanga na sila ay handang magbayad ng halaga ng pagsasakripisyo, ngunit ang isang tao ay palaging nag-aani ng kung ano ang kanyang tinanim. Pabayaan ang iyong katawan at isang araw ito ay siguradong magpapahamak sa iyo. Pabayaan ang iyong pamilya at isang araw ito ay dobleng mas mahirap na kunin ulit ang kanilang katapatan.

Paano naman ang iyong pagiisip? Anong mga kaisipan ang nangingibabaw sa iyong isipan nitong mga nakaraang araw? Ang isipan ay napaka-makapangyarihan na kung ano ang iyong iniisip ay naapektuhan nito ang iyong direksyon sa buhay, kung paano ka makitungo sa mga tao at sa Diyos. Ang sobrang kaalaman ay nagdudulot sa atin na maging mayabang at arogante hanggang sa punto na tayo ay hindi na tumatanggap ng katotohanan. Ang malalim na katotohanan na kailangan nating maintindihan tungkol sa ating isipan ay ito: ang unang plano sa pag-atake ng kaaway ay ang maimpluwensiyahan ang ating isipan (2 Cor. 10:3-5). Iyan ay dahil sa pamamagitan ng pagbabago ng ating isipan na tayo ay nabago at nalaman ang kalooban ng Diyos. (Roma 12:2). Matutong bantayan ang iyong isipan sa pamamagitan ng pagpapakain nito ng Salita ng Diyos at salatin ito mula sa mga negatibong pag-iisip. Sa pamamagitan lamang ng pagpokus ng iyong isipan sa katotohanan ng Diyos na iyong makilala ang totoo at huwad.

## MAGING MALUSOG SA PAKIKIPAGRELASYON AT SA DAMDAMIN

Si Hesus ay umani ng pabor mula sa mga tao – na ipinakita ng Lukas 2:52. Malinaw na pinanatili ni Hesus ang malusog na pakikipag-ugnayan sa mga tao sa kanyang paligid habang siya ay lumalaki pa lamang. Sa panahon ng Kanyang pagmiministeryo, si Hesus ay hindi maiwasan na makasalamuha ang ibat-ibang uri ng tao. Mula sa mga magugulong pangkat ng mga tao, hanggang sa masusungit na mga pinunong Hudyo, nakayanan Niyang mabantayan ang kanyang damdamin at nakayanang pakitungohan ang bawat isa sa kanila na puno ng grasya.

Ang Amerikanong presidente na si Theodore Roosevelt ay nagsabi na, "Ang nag-iisang pinakamahalagang sangkap sa tagumpay ay ang malaman kung paano maayos na makisalamuha sa mga tao." Hindi natin matatakasan ang pakikipagrelasyon sapagkat nilikha tayo ng Diyos para sa pakikipagrelasyon. Ang malusog na pakikipagrelasyon ay hindi lamang nangangahulugan na maging mabuti sa mga taong gusto natin, kundi ito rin ay ang pang-uunawa at maayos na pakikitungo sa lahat ng uri ng mga tao. Ang lahat. Ang Bibliya ay nagsasabi na walang mas hihigit pa na kautusan kaysa mahalin ang Diyos at mahalin ang iyong kapwa kagaya ng sa iyong sarili. (Marcos 12:31) Paano mo mahalin ang iba? Ang Bibliya ay puno ng mga halimbawa at mga tahas. Ngunit para mapanatili itong simple, tumingin lamang kay Hesus. Ang Pilipos 2:5-11 ay lubhang tuwiran tungkol dito – 'Sa iyong pakikipagrelasyon sa bawat isa, magkaroon ng parehong pananaw katulad ng kay Hesus...'

Tanging sa paggaya ng kababaang- loob ni Cristo, tayo ay tunay na magtatagumpay sa ating mga relasyon.

At kung saan mayroong pakikipagrelasyon, doon din mayroong sari-saring emosyon! Ang Biblliya ay nagbabala sa atin ng mahigpit na: "Ang puso mo'y ingatang mabuti at alagaan, pagkat iyan ang siyang bukal ng buhay mong tinataglay (Kawikaan 4:23). Ang mga emosyon ay maaring bumulag o magdala sa iyo sa katotohanan, maari din itong sumira o bumuo ng relasyon, ito ay maaring umubos o mag-angat ng iyong pisikal na kalagayan, ito ay kayang magparalisa o mag-udyok sa iyo na magkamit ng mga dakilang bagay. Makapangyarihan ang emosyon, ngunit ikaw ay hindi kailangang makontrol nito. Tanging sa pagpapasakop nito sa ilalim ng pagkapanginoon ni Hesus lamang natin mapapanatili ang malusog na balanse ng ating isipan at puso. Palalimin ang pagsasanay sa pagkaroon ng malalim na pagkilala sa iyong emosyon at sukatin ito alinsunod sa katotohanan ng Diyos. Saka panoorin ang Diyos na magbabago ng iyong puso.

Baliwalain ang Diyos at isang araw ikaw ay magiging lubusang manhid sa pakikinig ng Kanyang tinig.

Totoo bang posible na makamit ang tagumpay sa pamamagitan ng pagpapanatili ng isang malusog na balanse sa mga hinihingi ng buhay? Ating alamin sa sesyong ito.

Ang mga talaan ay tahimik patungkol sa kung ano ang nangyari sa mga unang taon sa buhay ni Hesus. Ngunit ang Lucas 2:52 ay nagbibigay sa atin ng pahiwatig. Sa gulang na 12, ating mababasa na ' Patuloy na lumaki si Jesus sa pangangatawan, lumawak ang kanyang karunungan at lalong naging kalugud-lugod sa Diyos at sa mga tao.'

Ang pandiwang 'lumaki' (grew) sa orihinal na salitang Griego ay nangangahulugang 'pag-unlad' (to progress) at nagpapakita na sa bawat yugto ng Kaniyang buhay, si Hesus ay patuloy na umusad patungo sa antas na inaasahan sa Kanya. Pagdating ng panahon na si Hesus ay nag-umpisa ng maggugol ng Kanyang panahon sa mahirap na gawaing naghihintay sa Kanya, Siya ay handa na para dito sa pangangatawan, sa pag-iisip, sa pakikipagkapwa at sa espiritwal na aspeto. Ang mga iskolar sa Bibliya ay nagtantiya na sa gulang na 30, inilunsad ni Hesus ang ministeryo na ipinagkatiwala sa Kanya ng Kanyang Amang nasa langit. Ang sumunod at ang huling tatlong taon din ng Kanyang buhay ay iginugol sa paglalakbay sa Palestine sa pagtupad ng isang pinakamakapaghamon na tawag na humihingi sa Kanyang buong potensyal bilang isang tao. Si Hesus ay nagsilbing huwaran sa atin ng isang buhay na naka-angkla sa tamang balanse at maayos na paghahanda para sa kahit napakahirap na mga hamon.

## MAGING MALUSOG SA PANGANGATAWAN AT SA PAG-IISIP

Basahin ang mga pagsasaad ng Ebanghelyo sa Bibliya at makikita mo kung gaano kahirap sa kalagayang pisikal ang ministeryo ni Hesus. Pansinin kung paano siya nagpalipat-lipat sa ibat-ibang bayan - gamit ang mga paa sa paglakad. Tingnang maigi kung paano siya mahusay na nakipagpalitan ng mga kuro-kuro sa mga pinakamagaling na mga Hudyong iskolar ng Kanyang panahon. Kapwa ordinaryong tao at mga Hudyong guro ay namangha sa Kanyang kakayahan sa pag-iisip nang maipakita ang pambihirang kaalaman sa kahit mga mapipinong punto sa Batas ng Hudyo. (Tingnan ang Mateo 7:29 at John 3:2).

Sinabi na – "Ang pagiging malusog ay higit pa sa kawalan ng karamdaman ." Madaling makakuha ng adhikain na maging malusog sa pangangatawan; maging itoy mabuhay ng mahaba kapiling ang mga minamahal o maging kaakit-akit sa paningin ng iba sa iyong baging paris na pantalon – ang mga adhikaing ito ay pumipigil sa atin mula sa pagkuha ng isa pang dagdag na piraso ng tsokolate, ekstrang tasa ng kanin o ano pa man. Ngunit upang makamit natin ang pangmatagalan na tagumpay sa larangan na ito, nararapat nating ilagay sa ating isipan ang mas malalim na katotohanan: na ang ating mga katawan ay hindi sa atin at nabili na tayo sa isang halaga – ang dugo ni Hesus! Yamang alam natin ito, ang tanging angkop na tugon ay ang maluwalhati ang Diyos sa ating mga katawan (1 Corinto 6:19-20). Kailangan natin ng malusog na mga pangangatawan upang matapos ang misyon ng Diyos para sa atin na may kahusayan. Ito ang uri ng adhikain na mas tatagal pa kaysa sa ating pisikal na katawan at mga taon dito sa mundo.

## MAGING MALUSOG SA ESPIRITWAL

Sa kabila ng patuloy na paghahabol ng mga taong humihingi ng Kanyang tulong, sinisiguro ni Hesus na mayroon Siyang sapat na panahon para sa Kanyang espiritwal na kapakanan. Kadalasan, Siya ay naghahanap ng isang tahimik na pwesto sa ilang na lugar kung saan Siya ay nasa hindi maabalang pananalangin at pakikiniig sa Kanyang Amang nasa langit. (Marcos 1:35, Lucas 6:12, Mateo 14:23)

Tayo ay maaring maging eksperto sa pagpapalago ng ating pangangatawang pisikal, pag-iisip, pakipagrelasyon at maging sa emosyonal na kalusugan; ngunit kung ating pabayaan ang ating espiritwal na kalusugan, tayo ay mamumuhay pa rin ng isang talunan na buhay. Ang ating espiritwal na kalagayan ay ang pinakaimportanteng aspeto ng ating paglago. Ang ating buong pagkatao (dunong, personalidad, talento/ abilidad, emosyon, etc.) ay lubos na naiimpluwensyahan ng ating espiritwal na kalusugan. Hinuhubog nito ang ating mga pinahahalagahan, pag-uugali, pagkilos at pananaw sa buhay. Ang tunay na makahulugan at may-layuning buhay ay makakamit lamang natin kung tayo ay una munang magkaroon ng taimtim na relasyon kay Hesus – dahil kung hiwalay tayo sa Kanya wala tayong magagawa. (Juan 15:4-5)

Kung iniwan ni Hesus maski isang aspeto ng Kanyang buhay na hindi lumago, ito ay siguradong magkaroon ng malalim na epekto sa Kanyang ministeryo. Kung Kanyang pinabayaan na palaguin ang Kanyang intelektwal na kakayanan, hindi sana Niya nakamit ang paggalang na nararapat sa isang maalam na guro. O kung Siya ay hindi malusog sa pangangatawan, sakit at karamdaman ang pipigil sa Kanya mula sa pagkilos na kasing bilis ng Kanyang ginawa. Siniguro ni Hesus na ang bawat aspeto ng Kanyang pagkatao ay nakaluluwalhati sa Diyos. Bilang resulta, natupad ni Hesus ang misyon ng Diyos sa Kanyang buhay at nagtapos ng maayos.

### TRUTH TAG

*"Mahal kong kaibigan, idinadalangin kong ikaw sana'y nasa mabuting kalagayan at malusog ang katawan, tulad ng iyong buhay espirituwal".* 3 Juan 1:2

Maraming tao ngayon ang maaring maging mayaman sa pinansyal o magkaroon ng katawan na nakaka-agaw pansin ngunit nakakalungkot na naiwan ang kanilang mga espiritu na nasa katayuang naghihikahos. Ang Bibliya ay nagpapaalala sa atin na ang mga tao ay hindi lamang binubuo ng laman at dugo. Tayo ay mayroong espiritu na kailangang mapaunlad din. At saka si Hesus ay nagsabi, 'ang tao ay hindi nabubuhay sa tinapay lamang kundi sa bawat Salita na nanggagaling sa Diyos'. Kumusta na ang kalusugan ng iyong espiritu noong mga nakaraang mga araw? Paano ka namumuhunan sa ganyang walang hanggang aspeto ng buhay?

Lumipat sa pahina 42 at alamin kung paano ka magkakaroon ng kasiguruhan nitong buhay na walang hanggan.

### LIFE HACKS

Kung gusto nating magtapos ng maayos sa buhay, kailangan nating makipagtulungan sa pagkilos ng Diyos sa ating buhay upang patuloy Niyang gawin tayong mas katulad ni Kristo sa bawat aspeto ng ating pagkatao.

# PAGPAPAHAYAG (EXPRESS)

1. Aling aspeto ng personal na pag-unlad ang kailangan mong pagbutihin upang ikaw ay magkaroon ng isang buhay na nasa tamang balanse?

    - Pisikal na kalusugan at kaangkupan
    - Kalusugan sa pag-iisip
    - Emosyonal na kaayusan
    - Buhay pakikipagkapwa/pakikipagrelasyon
    - Espiritwal na buhay

2. Marahil maari mong balikan ang iyong Unang Sesyon na Pagsasabuhay (Experience) na pagsasanay at suriin ulit ang mga pagbabago na iyong pinaplano na isasagawa sa iyong buhay. Anong mga positibong pagbabago ang iyong naranasan dahil sa mga pagbabago na iyong nagawa mula noon?

# PAGSASABUHAY (EXPERIENCE)

Para sa personal na aplikasyon:

Magpokus sa isang paglago sa isang aspeto ng personal na pag-unlad nitong lingo. Halimbawa, kung gusto mong trabahuin ang iyong pisikal na kalusugan, kung gayon maari mong gawing hangarin na uminom ng inirekomendang dami ng tubig sa bawat araw sa buong linggong ito.

Maari kang magsagawa ng pagsasaliksik upang iyong malaman kung anong mga layunin ang itatalaga sa bawat partikular na aspeto ng personal na pagpapaunlad. Saka gumawa ng simple ngunit makatotohanang plano sa kung paano makakamit ang layunin para sa linggong ito.

Humanap ng isang indibidwal na maging iyong accountability partner na magbabantay ng iyong pag-usad at magpapalakas ng iyong loob kung iyong maramdaman na parang aayaw ka na. Maari mo ring hamunin ang iyong accountability partner na gawin din ang parehong aspeto ng personal na pagpapaunlad kagaya ng sa iyo upang hindi mo ito pagdaanan na nag-iisa.

# IKALIMANG SESYON

## LIFEGOALS: MAGTAGUMPAY SA MGA RELASYON NG PAMILYA

## PAGSASALIKSIK (EXPLORE)

Maghalinhinang ibahagi ang iyong mga sagot sa iyong grupo kung dinadaanan mo itong aralin kasama ang iba.

Maglarawan ng isa alinman sa mga sumusunod na okasyon ng pamilya na iyong nasalihan. Magbanggit ng mga bagay kagaya ng kung saang lugar ito nangyari, sinu-sino ang mga kasama mo, at kung ano ang iyong partisipasyon dito. Paanong ang pangyayaring ito ay nagpatibay o nagpahina ng iyong relasyon sa pamilya?

1. Ang bakasyon ng pamilya kamakailan lang
2. Ang pinakabagong pagdiriwang ng iyong pamilya (kaarawan, kasal, anibersaryo, at iba pa.)
3. Ang malaking desisyon ng pamilya kamakailan lang
4. Ang pinakabagong panonood ng sine, kain sa labas, pagbibiyahe o ano mang masayang gawain kasama ang pamilya
5. Ang pag-aaral ng Biblia at oras ng panalangin kasama ang pamilya kamakailan lang

### LEARNING NUGGET

Sa mga panahon ngayon, mas karaniwan ang gumugol ng panahon at maranasan ang buhay na kasama ang ating mga kaibigan at mga katrabaho kaysa makasama ang ating mga sariling pamilya. Yamang, ang karamihan sa atin ay nagtatrabaho o nag-aaral na labas ng tahanan at marahil malayo sa ating mga pamilya, kailangan nating mas intensyonal sa pakikipag-ugnayan sa kanila ng harap-harapan. Maari itong gawin sa mga espesyal na mga okasyon o sa pang-araw-araw na pamumuhay, maari nating pagyamanin ang ating buhay pamilya kung ating gagampanan ang responsibilidad para alagaan ang mga relasyon sa tahanan.

## PAGSUSURI (EXAMINE)

Tayo ay namumuhay sa panahon ng 'digital revolution'. Kalahati ng populasyon ng mundo ngayon ay nakakonekta sa internet. Ang mabilis na pag-unlad sa teknolohiya ng komunikasyon ay nagbibigay sa atin ng madaliang koneksyon sa halos lahat ng tao sa planeta. Ang 'social media' ay nagpapahintulot sa atin na manatiling konektado sa trabaho, pamilya at mga kaibigan kahit nasaan man tayo. Isa sa bawat dalawang Pilipino ay may koneksyon sa Internet. Ang Pilipinas ay ang numero unong gumagamit ng 'Internet' sa mundo, na may humigit kumulang 5 oras na paggamit sa bawat araw, na mas madalas iginugugol sa 'social media'.

Ngunit ang kabalintunaan nitong lahat ay kung paano tayo naging mas 'hi-tech', mas naging kaunti naman ang ating pakikipag-ugnayan.

Kung hindi tayo maging maingat, ang masyadong maraming panahon na ginugugol sa mga 'digital devices' ngayon ay makakaapekto sa pamamaraan ng ating pakikitungo sa isa't isa. Sa palagi-ang pagkakadikit natin sa ating mga 'mobile devices', ating nabuo itong masamang gawi ng nahahating atensyon na nagbalatkayo bilang paggawa sa mga gawain ng sabay-sabay. Ang mga manunulat sa aklat na 'Managing Your Family's Hi-tech Habits' ay nagbigay-diin na ito ang nagnanakaw sa atin sa mga makatotohanang sandali ng ating buhay kasama ang mga mahal natin. Kaya naman tayo ay nawalan ng kakayahan na ibigay ang ating buo at hindi nahahating atensyon na nararapat ibigay sa bawat miyembro ng ating pamilya.
Higit pa dyan, pagtitiwala sa komunikasyon na may tagapamagitan ay nagbibigay sa atin ng pakiramdam ng 'digital intimacy' na maaring magdulot ng isang huwad na kasiyahan sa ating mga relasyon. Walang kapalit ang yaman ng harapang komunikasyon at ang init ng haplos ng tao. Kung isaalang-alang ang nakakabahalang estatistika mula sa iba't ibang pinanggalingan ng mga 'survey' na nagpapakita ng nakakalungkot na pagbaba ng moralidad sa bansa, ang 'virtual presence' ay mapapatunayang hindi sapat sa lubos na pakikipag-ugnayan sa buhay ng ating mga minamahal.

Ang Pilipinas ay kabilang sa mga nangungunang bansa sa usapin ng:

⇒ Batang pagbubuntis sa rehiyon ng ASEAN
⇒ Depresyon sa South East Asia
⇒ Panonood ng pornograpiya (parehong lalaki at babae)
⇒ Maraming bilang ng mga babaeng nagbebenta ng katawan
⇒ Pagkasakit ng HIV sa mundo

Ang mga isyung ito ay nagtuturo sa atin sa isang nakakabahalang pag-agnas ng mga pinapahalagahan natin na naging sanhi ng pagkakawatak-watak ng mga pamilya at nau-uwi sa pagkawasak nito. Kaya hindi nakakagulat, na ang mga pamilya ngayon ay nagkahiwa-hiwalay, ang moralidad ay bumabagsak, at ang mga prayoridad ng tao ay madalas na hindi nakahanay sa kung anong tunay na mahalaga sa buhay. Yaman din lamang na ang lahat ng ito ay nasa ating isip, kailangan nating matanto na ang pagiging hindi konektado sa ating mga pamilya ay isang sintomas lamang ng isang mas malalim na isyu na humahamon sa atin – at iyan ay ang tunay na gawing prayoridad ang ating mga pamilya. Sinabi ni Zig Ziglar ng mabuti na 'Ikaw ay hindi maaring tunay na maituturing na matagumpay sa buhay kung hindi maayos ang iyong tahanan'
Sa sesyong ito, ating titingnan ang napakahalagang papel na ating ginagampanan sa pagtatag ng matitibay na pamilya.

**1 Corinto 13:1-7**

*Makapagsalita man ako sa mga wika ng mga tao at ng mga anghel, kung wala naman akong pag-ibig, para lamang akong kampanang umaalingawngaw o pompiyang na maingay. 2 Kung ako man ay may kakayahang magsalita ng mensahe mula sa Diyos at umunawa sa lahat ng hiwaga, kung nasa akin man ang lahat ng kaalaman at lahat ng pananampalataya, anupa't nakakapagpalipat ako ng mga bundok, ngunit wala naman akong pag-ibig, wala akong kabuluhan.3 At kung ipamigay ko man ang lahat ng aking mga ari-arian at ialay ang aking katawan upang sunugin,[a] ngunit wala naman akong pag-ibig, wala rin akong mapapala!*

*4 Ang pag-ibig ay matiyaga at magandang-loob, hindi maiinggitin, hindi mayabang ni mapagmataas man, 5 hindi magaspang ang pag-uugali, hindi makasarili, hindi magagalitin, o mapagtanim ng sama ng loob sa kapwa. 6 Hindi ito natutuwa sa masama, sa halip ay nagagalak sa katotohanan. 7 Ang pag-ibig ay matiisin, mapagtiwala, puno ng pag-asa, at nagtitiyaga hanggang wakas.*

*13 Samantala, nananatili ang tatlong ito: ang pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig, ngunit ang pinakadakila sa mga ito ay ang pag-ibig.*

## MAGING MALINAW SA LAYUNIN NG DIYOS

Ang Diyos ay naglikha sa atin na magkaroon ng taimtim na relasyong nagmamahalan una sa Kanya, saka sa ating pamilya at sa iba. Ang Kanyang layunin ay para sa ating mga pamilya na sasalamin sa Kanyang pag-ibig sa mundo. Ngunit tayo ay mayroong kaaway na hindi nakikita na ang unang atake laban sa sangkatauhan ay laban sa pamilya. Kanyang inatake ang relasyon nina Adan at Eba at ang kanilang relasyon sa Diyos. Mula sa unang araw pa lang, ang plano ng demonyo ay ang sirain ang mundo. Kanyang inumpisahan ito sa pamamagitan ng pagbaluktot sa pag-ibig ni Adan at Eba para sa isa't isa at pagsira sa pamilyang kanilang pinagsaluhan. Mahalaga na ating tandaan na maski anoman ang problema, sa huli, ang tunay na kaaway ay hindi ang iyong asawa o sino man na miyembro ng iyong pamilya. Alalahanin na ito ay ang diablo at siya ay naghihintay na parang leon na handang sumakmal at makita ang iyong pamilya na nagkahiwa-hiwalay at nasisira. (1 Pedro 5:8)

Ikaw ay maaring tumayo laban sa balak ni Satanas sa pamamagitan ng pagsalungat nito sa layunin ng Diyos para sa pamilya. Nasa puso ng Diyos na pagpalain ang ating mga pamilya. Kahit ano pa man ang kasalukuyang lagay ng iyong pamilya, dapat mong malaman na mahal ka ng Diyos at nais Niyang ang iyong pamilya ay mapuno din ng Kanyang pag-ibig. Hangad Niyang ang ating mga pamilya ay maprotektahan mula sa mga pagnanasa ng demonyo (Mga Gawa 16:31)

Ngunit para sa layunin ng Diyos na magkaroon ng kaganapan, ito ay dapat samahan ng ating pakikilahok. Ang Kanyang disenyo para sa mga pamilya ay naghihiling sa atin na gampanan ang ating responsibilidad na mahalin ang bawat isa. Ang Bibliya ay naglalarawan sa pag-ibig bilang:
...matiyaga
...magandang-loob
...hindi mainggitin
...hindi mayabang
...hindi mapagmataas
...hindi magaspang ang pag-uugali
...hindi makasarili
...hindi magagalitin
...hindi mapagtanim ng sama ng loob sa kapwa
...hindi natutuwa sa masama/hindi makatarungan
...nagagalak kung nagwawagi ang katotohanan
...hindi sumusuko

...hindi nawawalan ng tiwala
...parating puno ng pag-asa
...nagtitiyaga sa lahat ng bawat pangyayari
...tumatagal hanggang wakas
...ay mas dakila kaysa pananampalataya at pag-asa

Ganyan dapat kung paanong ang pag-ibig ay makita sa ating mga pamilya at naglarawan sa mga tao sa ating paligid. Ang isang matibay na pamilya alinsunod sa disenyo ng Diyos ay hindi basta na lang nangyayari. Kailangan nating magsilbing modelo at magturo ng pag-ibig sa ating mga anak, mga asawa, mga magulang at mga kapatid. Ang mga magulang, lalo na, ay pinagkatiwalaan ng Diyos na maging modelo at magturo ng Kanyang kapamaraanan sa susunod na henerasyon. Tingnan kung ano ang sinabi ng **Mga Awit 78:3-7**:

*Ito'y aming narinig na, kaya naman aming alam,*
*nagbuhat sa aming nuno na sa ami'y isinaysay.*
*4 Sa sarili naming anak ito'y hindi ililihim,*
*ito'y aming isasaysay sa sunod na lahi namin;*
*mga gawang tinutukoy ay lubhang kahanga-hanga*
*na si Yahweh ang gumanap, mga gawa niyang dakila.*
*5 Mayro'n siyang patotoo na kay Jacob itinatag,*
*mayro'n siyang kautusang sa Israel iniatas;*
*ang utos sa ating nuno, dapat nilang ipatupad,*
*ituturong lagi ito, sa kanilang mga anak.*
*6 Sa lahat ng lahi nila ito'y dapat na iaral,*
*at ang angkang susunod pa ay marapat na turuan.*
*7 Sa ganito, masusunod nilang lagi yaong utos,*
*ang matatag na pag-asa'y ilalagak nila sa Diyos,*
*at ang dakila niyang gawa'y hindi nila malilimot.*

Kung ano ang ating itinuro sa iba patungkol sa Diyos at sa Kanyang kapamaraanan ay dapat na maipakita sa ating araw-araw na pamumuhay. Ang Bibliya ay nagsasabi tungkol dito ng malinaw:

Ibigin mo si Yahweh na iyong Diyos nang buong puso, buong kaluluwa at buong lakas. 6 Ang mga utos niya'y itanim ninyo sa inyong puso. 7 Ituro ninyo ito sa inyong mga anak; pag-aralan ninyo ito sa inyong tahanan, sa inyong paglalakbay, sa inyong pagtulog sa gabi, at sa inyong pagbangon sa umaga. Deuteronomy 6:5-7

Ang pagmamahal sa Diyos at pagmamahal sa kapwa ay dapat maging isang uri ng pamumuhay. Ang bawat miyembro ay may mahalagang papel na gagampanan, ngunit kailangan nating magkusa upang ang lahat ay makilahok. Kung ikaw ang asawang lalaki, huwag mong hintayin ang iyong asawa na mahalin ka sa ganitong paraan bago mo gawin. Mga asawang babae, huwag mong gawing dahilan na yamang ang iyong asawa ay hindi mapagmahal, siya din ay huwag umasa na ikaw din ay mapagmahal. Mga anak, ikaw ay maaring gumawa ng kaibahan sa iyong pamilya. Ikaw ay hindi na kailangang maghintay para sa iyong mga magulang na magpakita ng halimbawa. Ito ay nag-uumpisa sa bawat isa sa atin, nagsasabi na may paniniwala na, 'Aking poprotektahan itong tahanan. Ako ay tutulong upang pagtibayin ang pamilyang ito'

## MAGING MAINGAT SA IYONG PRESENSYA

Ang pagganap sa responsibilidad ay nangangailangan na tayo ay personal na nandiyan. Kung gusto ng Diyos na ang ating mga pamilya ay mapuno ng pag-ibig, kailangan nating maintindihan ang isang bagay na napakaimportante tungkol dito. Ang (Love) 'Pag-ibig' ay binabaybay bilang (T-I-M-E) 'Oras". Iyan ay nangangahulugan na kung mahal mo talaga ang iyong pamilya, at gusto mong maramdaman nila ito, kailangan mong gumugol ng panahon sa kanila. Hindi mo maaring sabihin na ang isang bagay ay mahalaga sa iyo kung hindi mo nga maibigay ang iyong buong atensyon para dito.

Kaya, maging ganap na nandyan, hindi lamang sa pisikal, kundi makipag-ugnay sa iyong pamilya sa aspeto ng damdamin at sa espiritwal din. Tandaan na kung kailan ka naggugol ng panahon sa iyong pamilya, doon nagaganap ang mga 'balaghang sandali' (magic moments). Ito ang mga sandali na kung saan ang iyong mga mahal sa buhay ay nagbubukas loob, handang makinig at magtanong ng mga pinakamahahalagang tanong ng kanilang puso. Tanggalin ang 'generation gap' na pagdadahilan, dahil walang ganoong bagay! Tayo ay nagkamali lamang sa 'communication gap' o ang kabiguan na gawin ang ating mga sarili na nadiyan para sa mga importanteng pag-uusap. Itong mga 'magagandang sandali" ay hindi palaging napaplano – kaya maging mapagmasid, sunggaban ang pagkakataon at maging nandiyan ng lubusan!

Isa pang pananaw na dapat magkaroon tayo ay ito: Gawin ang pinakamahusay ngayon sa iyong pamilya. Ang bawat pangako ng 'mamaya, bukas, at sa susunod na linggo' ay palaging dahilan na lumiban 'ngayon'. Ang naantalang presensya ay isang napalagpas na pagkakataon para sa mga magagandang sandali. Itatak sa isipan na ang pinakamahusay na pagpapahayag ng pag-ibig ay panahon. Ilang mga espesyal na sandali ang iyong napalagpas iniisip na maari mong mapalitan ang mga nawalang panahon?
Ang katotohanan ay walang sinoman ang maaring makapagpabalik ng panahon. Kaya gawin ang pinakamainam ngayon kasama ang pamilya!

Isang simpleng paraan upang magkaroon ng regular na makabuluhang pakikipag-ugnayan sa iyong pamilya ay tanungin ang bawat isa kung paano lumipas ang kanilang araw sa kabila ng mabubuti o hindi mabubuting pangyayari habang kumakain ng hapunan. Isantabi ang lahat ng mga nakaka-abala kagaya ng mga cellphones at ibang gamit kung ikaw ay mayroong pakikipag-usap sa iyong pamilya. Ipanalangin mo at manalangin na kasama ang iyong asawa at mga anak, ang iyong mga magulang, at mga kapatid bago matulog. Marami pang mga paraan kung paano mo maipakita at maituro ang pagiging nandiyan palagi sa iyong pamilya, ngunit mahalaga na mag-umpisa kang gumawa NGAYON!

### TRUTH TAG

*'Tayo'y umiibig sapagkat ang Diyos ang unang umibig sa atin.'* – 1 Juan 4:19

May maraming mga sangkap upang maging masaya ang ating mga pamilya. Ngunit, pag-ibig ang siyang makapagbubuklod nito sa hirap at ginhawa, hindi lang sa mga matitiwasay na sandali ngunit lalo na sa mga hindi kaaya-ayang pangyayari. Ang pinakahigit sa lahat ng kaloob ng Diyos ay pag-ibig. At ang tanging paraan na maipakita ang tunay at ganap na pag-ibig na walang kondisyon at hindi nagmamaliw ay ang maranasan ang uri ng pag-ibig ng Diyos – na nagkukusa at nagtitiis hanggang sa dulo ng walang hanggan.

Gusto mo bang tingnan ng mas malapitan kung paano tayo minahal ng Diyos ng labis-labis? Pakilipat sa pahina 42.

## SADYAIN ANG IYONG PAGSASAGAWA

Isang mapagkakatiwalaang prinsipyo sa pagpapatibay ng relasyon ay ito; "Kung mas malapit ang relasyon, mas malaki ang impluwensya'. Walang maiksing daan para dito. Kung nais mong magkaroon ng mabigat na epekto at tumatagal na impluwensya sa iyong pamilya, ang susi ay ang magtatag ng malalim, mapagmahal na relasyon sa bawat isa sa kanila unang-una. Habang ginagawa mo ang iyong parte, magtiyaga sa pagdarasal na sila ay gagawa ng parehong pangako na magtatag ng isang matibay na pamilyang nakasentro kay Kristo. Sa paggawa nito, mas kaunti ang posibilidad para sa mga negatibong impluwensya ng mundo na magkaroon ng epekto sa iyong pamilya.

Kaya, gampanan ang responsibilidad na magtatag ng malusog na mga kagawian sa pamilya. Pangalagaan ang isang kultura ng paglalapit sa bawat isa sa pamamagitan ng paglikha ng mga aktibidad na ginagawa ang presenya ng bawat isa na kailangan at pinapahalagahan. Tandaan na ang pakikipag-ugnay sa iyong pamilya ay maaring nakakabuhay ng loob at hindi lamang isang obligasyon. Ang atake na ipinupukol patungo sa mga pamilya ngayon ay malaki at mabigat. Kung gusto talaga nating protektahan ang mga pamilya natin, kailangan nating lumapit sa Diyos. Sa huli, Siya ang mag-iingat at may kayang promotekta sa alin mang tahanan mula sa pagkawasak nito. 'Maliban nga na si Yahweh ang nagtatag nitong bahay, ang ginawa ng nagtayo ay wala ring kabuluhan' (Mga Salmo 127:1). Tiyaking naka-angkla ang malapit na ugnayan ng iyong pamilya sa katiyakan ng pagmamahal at kabutihan ng Diyos.

## LIFE HACKS

Marapat lang gampanan ang responsibilidad at magkusa sa pagtatag ng ating mga pamilya sa paligid ng disenyo ng Diyos para sa pag-ibig at malapit na relasyon.

> *"Family is the most important thing in the world"* – **Princess Diana**
>
> *"A happy family is but an earlier heaven"* – **George Bernard Shaw**

# PAGPAPAHAYAG (EXPRESS)

Maghalinhinang ibahagi ang iyong mga naiisip sa mga sumusunod na punto:

1. Gaano mo naramdaman na ang layunin ng Diyos para sa pamilya ay natupad sa iyong sariling tahanan? Anong mga bagay ang nakatulong sa katuparan nito sa iyong pamilya? Anong mga bagay ang nakahadlang sa layunin ng Diyos para maging katotohanan?

2. Gaano kadalas ang iyong presensya sa buhay ng mga miyembro ng iyong pamilya – mga magulang at kapatid kung ikaw ay wala pang asawa, o sa iyong asawa at mga anak kung ikaw ay may asawa na? Magbigay ng mga halimbawa kung paano mo naiparamdam ng pisikal, emosyonal at espiritwal ang iyong presensya sa inyong tahanan.

# PAGSASABUHAY (EXPERIENCE)

Para sa personal na aplikasyon:

Ano ang iyong gagawin upang mas maayos mong maisakatuparan ang layunin ng Diyos sa iyong pamilya? Paano mo mas maipakita ang pag-ibig na walang kondisyon? Mag-umpisa ngayong linggo at magplano kung paano mo ito isasagawa sa buong buwan.

Ano ang iyong gagawin para mas maging madalas pa na makasama ang mga miyembro ng iyong pamilya? Magplano ng tiyak, nasusukat, makatotohanan at nakabase sa panahon (maliliit) na mga hakbang na iyong gagawin para sa bawat miyembro ng iyong pamilya. Umpisahan ngayong linggo at subukang gawin ito sa buong buwan!

Ano ang iyong gagawin para mas matutunan pa ang tungkol sa layunin ng Diyos sa iyong pamilya? Ang pagbabasa ng Bibliya sa bawat araw bilang isang pamilya ay isang magandang simula! Umpisahan ang iyong personal na pagbabasa ng Bibliya sa bawat araw at himokin at imbitahan ang mga miyembro ng iyong pamilya na sumama sa iyo! Mga libreng Bible apps kagaya ng YouVersion, Through the Word, at iba pa ay mga nakakatulong na kasangkapan na makatutulong sa iyo na makapag-umpisa.

# IKAANIM SESYON

## LIFEGOALS: MAGTAGUMPAY SA PAG-IWAN NG PAMANA

## PAGSASALIKSIK (EXPLORE)

Maghalinhinang basahin ang maikling sanaysay ng malakas, isang pangungusap nang paisa-isa. Ito ay pagpupugay sa isang Tao na nakagawa ng pinakapositibong epekto sa kasaysayan ng sangkatauhan. Habang binabasa mo ito, subukang alamin kung sino ang tinutukoy ng manunulat.

**Isang Nag-iisang Buhay (One Solitary Life)**
*By James Allan Francis*

Nandito ang isang tao na ipinanganak sa isang hindi kilalang nayon bilang isang anak ng maralitang babae.

Siya ay lumaki sa isa pang hindi kilalang nayon.
Siya ay nagtrabaho sa pagawaan ng karpintero hanggang siya ay 30 taong gulang at saka sa 3 taon ay isang naglalakbay na mangangaral.
Siya ay kailanman hindi nagsulat ng aklat.
Siya ay kailanman hindi humawak ng katungkulan.
Siya ay kailanman hindi nagmay-ari ng tahanan.
Siya ay kailanman hindi nagkaroon ng pamilya.
Siya ay kailanman hindi nakapasok sa kolehiyo.
Siya ay kailanman hindi nakatungtong sa isang malaking siyudad.
Siya ay kailanman hindi nakapaglakbay ng dalawang daang milya mula sa lugar ng kanyang kapanganakan.
Siya ay kailanman hindi gumawa ng isa sa mga bagay na karaniwang kalakip ng pagiging dakila.
Siya ay walang kredensyal kun'di ang kanyang sarili.
Siya ay walang kinalaman sa mundong ito maliban sa hubad na kapangyarihan ng kanyang makaDiyos na pagkatao.
Habang binata pa, ang alon ng opinyon ng nakararami ay bumaling laban sa kanya.
Ang kanyang mga kaibigan ay nagsitakbuhan.
Ang isa sa kanila ay itinanggi siya.
Ang isa pa ay nagtaksil sa kanya.
Siya ay ibinigay sa kanyang mga kaaway.
Siya ay dumanas ng pangungutya sa isang paglilitis.
Siya ay ipinako sa krus sa gitna ng dalawang tulisan.
Ang kanyang mga tagaparusa ay nagsugal para sa kaisa-isang pag-aari na mayroon siya sa mundo habang siya ay malapit ng mamatay at ito ay ang kanyang saplot sa katawan.
Nang siya ay namatay, siya ay ibinaba at hinimlay sa isang hiram na libingan sa awa ng isang kaibigan.

Labinsiyam na siglo ang dumating at nagdaan at ngayon Siya ang sentro ng sangkatauhan at ang pinuno ng haligi ng pag-unlad.

Ako ay malayo sa marka kung sasabihin ko na ang lahat ng kasundaluhan na nagmartsa at lahat ng hukbong-dagat na naitatag at lahat ng mga namumuno na naupo at lahat ng mga hari na naghari, pagsamasamahin man ay hindi nakaapekto sa buhay ng tao sa mundo na kasinglakas kagaya nitong isang mapanglaw na buhay.

### LEARNING NUGGET

Kung ano man ang makagagawa sa ating buhay na maging tunay na matagumpay ay mas nakikita hindi habang tayo ay nabubuhay kundi sa kabila pa nito. Ang tunay na tagumpay ay hindi nakadepende o nalalaman sa pamamagitan ng dami ng edukasyon, pera, kakayahan, kapangyarihan, at iba pa na ating nakamtam para sa ating mga sarili. Ang isang buhay na ipinamuhay ng maayos at mag-iiwan ng isang tumatagal na pamana ay naka-angkla kay Hesu Kristo. Sa pamamagitan Niya, tayo din ay matinding makaapekto sa buhay ng mga tao dito sa mundo ng walang hanggang positibong epekto. Ang ating aralin ngayon ay makatutulong sa atin na matuto kung paano mag-iwan ng ganitong uri ng pamana.

# PAGSUSURI (EXAMINE)

Si Steve Jobs, kasamang nagtatag ng Apple Inc., nagsabi ng patungkol sa buhay na nararapat nating pag-isipan. Sabi niya, 'Tayo ay nandito upang gumawa ng marka sa kalawakan. Kung hindi, bakit pa tayo nandito?' Kaya ating pag-isipan iyan ng isang sandali – kung ikaw ay mamatay ngayon, anong uri ng 'marka' ang iyong nagawa sa mundong ito? Paano ka kaya maalala?

Hindi pa masyadong maagang pag-isipan kung anong uri ng pamana ang iyong iiwan sa mundong ito.

Ito ay isang bagay na kailangan nating pagpasyahan habang tayo ay malakas pa para isakatuparan ito. Nakatutuksong isipin na mag-iwan ng mga nakakamanghang bagay kagaya nila Bill Gates (Microsoft), Steve Jobs (Apple) at Mark Zuckerberg (facebook). Ngunit kahit mga dakilang imbensiyon ay lilipas din. Ang mga makabagong programa at proyekto na ating linikha sa ngayon, sa kalaunan ay mapapalitan din ng mga bago.

Kaya ang katanungan ay nanatili – paano natin makakamtam ang tunay na tagumpay sa ating mga pamana? Sa aralin na ito, tayo ay titingin sa isa sa mga buhay na naapektuhan ni Hesus at kung paano ito nakagawa ng mga daluyong epekto sa mga nagdaang henerasyon magpahanggang ngayon. Sa pamamagitan Niya, ating matutunan kung paano mag-iwan ng isang pamana na tumatagal, hindi lang sa buhay na ito, kundi sa magpasawalang hanggan.

**Filipos 3:7-14**

*7 Ngunit dahil kay Cristo, ang mga bagay na pinapahalagahan ko noon ay itinuring kong walang kabuluhan ngayon. 8 Oo, itinuturing kong walang kabuluhan ang lahat ng bagay bilang kapalit ng lalong mahalaga, ang pagkakilala kay Cristo Jesus na aking Panginoon. Ang lahat ng bagay ay ipinalagay kong walang kabuluhan at itinuring kong basura, makamtan ko lamang si Cristo 9 at lubos na makipag-isa sa kanya. Ang aking pagiging matuwid ay hindi sa pamamagitan ng pagsunod sa Kautusan, kundi sa pananalig kay Cristo. Ang pagiging matuwid ko ngayo'y buhat sa Diyos, sa pamamagitan ng pananampalataya. 10 Ang tanging hangarin ko ngayon ay lubusang makilala si Cristo, maranasan ang kapangyarihan ng kanyang muling pagkabuhay, makibahagi sa kanyang mga paghihirap, at maging katulad niya sa kanyang kamatayan, 11 umaasang ako man ay muling bubuhayin mula sa kamatayan.*

*Magpatuloy Tungo sa Hangganan 12 Hindi sa nakamtan ko na ang mga bagay na ito. Hindi rin sa ako'y ganap na; ngunit sinisikap kong makamtan ang gantimpala sapagkat ito ang dahilan kung bakit ako'y tinawag ni Cristo Jesus. 13 Mga kapatid, hindi ko ipinapalagay na nakamit ko na ito. Ngunit isang bagay ang ginagawa ko: habang nalilimot ko ang nakaraan at sinisikap na marating ang layuning nais kong makamtan, 14 nagpupunyagi ako patungo sa hangganan upang makamtan ang gantimpala ng pagkatawag sa akin ng Diyos sa pamamagitan ni Cristo Jesus, ang buhay na nasa langit.*

## KILALANIN SI HESU KRISTO

Tinuli sa ikawalong araw, isang Hudyo ng mga Hudyo, sa angkan ni Abraham, isang Pariseo, walang bahid kamalian sa katuwiran na batay sa kautusan. Ang magkaroon ng ganitong mga katangian sa panahon ni Hesus ay tinuturing na kagalang-galang at marangal. Ang magkaroon ng ganitong mga katangian, ang isang tao ay maaring mag-isip na ang ganitong tao ay nakababatid sa puso ng Diyos. Ang ganitong mga katangian ay nauukol kay Apostol Pablo – bago pa niya lubos na nakilala si Hesus Kristo.

Nang si Pablo ay naging tagasunod ni Hesus, kanyang tinukoy ang kanyang nakakatawag-pansin na katangian sa ganitong paraan - 'Ngunit dahil kay Cristo, ang mga bagay na pinapahalagahan ko noon ay itinuring kong walang kabuluhan ngayon.' (v. 7). Malinaw kay Pablo ang tungkol sa kanyang pangunahing layunin sa buhay. Ang kanyang pinakahigit na mithiin ay ang makilala si Kristo. Siya ay nagpatuloy, 'Oo, itinuturing kong walang kabuluhan ang lahat ng bagay bilang kapalit ng mas higit na mahalaga, ang pagkakilala kay Cristo Jesus na aking Panginoon. Ang lahat ng bagay ay ipinalagay kong walang kabuluhan at itinuring kong basura, makamtan ko lamang si Cristo 9 at lubos na makipag-isa sa kanya. Ang aking pagiging matuwid ay hindi sa pamamagitan ng pagsunod sa Kautusan, kundi sa pananalig kay Cristo. Ang pagiging matuwid ko ngayo'y buhat sa Diyos, sa pamamagitan ng pananampalataya. (v. 8-9).

Ang lahat ay naging pangalawa lamang sa kung ano ang kanyang itinuturing bilang pinakamahalagang bagay. Sa katotohanan, ang lahat ay 'basura' para sa kanya kung ihahambing sa napakalabis na halaga na makilala si Hesus Kristo.

Maaari mong itanong: bakit mahalagang makilala si Hesus? Ang pinakamahalagang mga hangarin ay yaong mga bagay na mahalagang paglaanan ng iyong oras, lakas at mga pag-aari. Hind mo kailanman malalaman ang halaga na makilala si Hesus hanggang iyong matanto na, sa huli, ang pinakanamamalaging bagay sa buhay ay hindi mga tropiyo o kayamanan kundi isang tamang relasyon sa Diyos. Kagaya ng minsang inawit ng Salmista,

## MARANASAN ANG KAPANGYARIHAN NG DIYOS

> *'Sino po sa langit, kundi ikaw lamang, at maging sa lupa'y, aking kailangan? Puso ko't kaluluwa kung nanghihina man, ang Diyos ang lakas kong tanging kailangan,.'*
>
> **Awit 73:25-26**

Nang sinabi ni Pablo na 'makilala si Kristo,' siya ay hindi lamang nagsasalita tungkol sa mga ideyang pang-isip tungkol kay Hesus na mayroon karaniwan ang tao. Sa paggamit ng salitang Griego na naglalarawan din ng isang taimtim na relasyon sa pagitan ng mag-asawang lalaki at babae, si Pablo ay nagsasalita tungkol sa taimtim na pakikipag-ugnayan kay Hesus na maaring ang isang tao ay makaranas ng kapangyarihan ng Diyos na nagbuhay muli kay Hesus. Sinabi Niya, 'Ang tanging hangarin ko ngayon ay lubusang makilala si Cristo, maranasan ang kapangyarihan ng kanyang muling pagkabuhay, makibahagi sa kanyang mga paghihirap, at maging katulad niya sa kanyang kamatayan, 11 umaasang ako man ay muling bubuhayin mula sa kamatayan.' (v.10-11)

Lubusang alam ni Pablo ang nakakapagpabagong-buhay na kakayanan ng kapangyarihang ito dahil siya ay mayroon ding radikal ngunit personal na pagtatagpo kay Hesus (Mga Gawa 9:1-19). Siya ay nabago mula sa pagiging masigasig na taga-usig ng Iglesia, sa pagiging hindi mapigilang misyonaryo ni Hesus. Pinili siya ng Diyos para sa isang misyon: na dalhin ang Kanyang pangalan hindi lang sa bayan ng Israel kundi pati na rin sa mga Hentil. Pagkatapos ng pagbabagong-loob ni Pablo, hindi niya mapigilang mangaral tungkol kay Hesus! Siya ay naglakbay ng malawig, nagtatatag ng mga Iglesia kung saan siya dinadala ng Diyos. Puspos ng Banal na Espiritu, si Pablo ay sumulat ng labin-tatlong mga aklat sa Bagong Tipan. Mga siglo ang nagdaan at ang mga salita ni Pablo ay nananatiling nakapagpapabago ng mga buhay ngayon. Totoo nga, ang tunay na kaalaman sa Diyos ay naipapakita sa isang buhay na nagbago.

Ang pagkakilala sa Diyos ay nararanasan, hindi lang sa pag-iisip. Ang nakakalungkot, maraming tao ang hindi nakakikilala sa Diyos sa pamamaraan na naranasan ni Apostol Pablo. Paano ka naman? Nakita mo ba ang kapangyarihan ng Diyos na kumikilos sa iyong buhay? Ikaw marahil ay nakikipaglaban sa pagiging mainitin ng ulo, hindi pagpapatawad, pornograpiya, pagkalulong sa pakikipagtalik, pagkalulong sa droga at iba pang mga isyu. Subalit ang buhay ni Pablo ay nagpapatunay na ang Diyos ay may kapangyarihan laban sa lahat ng mga kasalanang ito at Siya lamang ang tunay na makapagbabago ng iyong buhay. Sa sandali na ikaw ay magkaroon ng malapitang pakikipag-harap kay Hesus, ang iyong buhay ay hindi na maging kagaya ng dati.

### TRUTH TAG

*21 "Hindi lahat ng tumatawag sa akin, 'Panginoon, Panginoon,' ay papasok sa kaharian ng langit, kundi ang mga taong sumusunod sa kalooban ng aking Ama na nasa langit. 22 Sa Araw ng Paghuhukom marami ang magsasabi sa akin, 'Panginoon, hindi po ba't sa iyong pangalan ay nangaral kami, nagpalayas ng mga demonyo at gumawa ng mga himala?' 23 Ngunit sasabihin ko sa kanila, 'Hindi ko kayo kilala. Lumayo kayo sa akin, kayong mga gumagawa ng kasamaan.'"*
Mateo 7:21-23

Ang Bibliya ay nagsasabi sa atin na ang makilala si Hesus ay isang bagay, at iba rin na kilala ka ni Hesus. Ito ang isang bagay na hindi hinayaan ni Hesus para sa atin na mag-akala lamang kundi para sa atin na ligtas na makatiyak. Ang paggawa ng mga relihiyosong gawain lamang o kahit anong magagandang gawa ay hindi naggagarantiya ng ating walang hanggang hantungan. Sa pamamagitan lamang ng isang personal na relasyon kay Hesus tayo makakasiguro ng isang lugar sa langit. At ang isang binagong buhay ay ang sukdulang katunayan ng ating tunay na pananampalataya sa Kanya.

## MAGKAMIT NG BUHAY NA WALANG HANGGAN

Si Oswald Chambers ay minsang nagsabi, 'Ang kamatayan ay may nakakamanghang kapangyarihan na baguhin kung ano ang ninanais ng isang tao dahil ang kamatayan ay lubhang nakakaapekto ng kanyang pananaw' Kung ang isang doktor ay magsasabi sa iyo na ikaw ay may isang buwan na lamang na natitira upang mabuhay, paano mo ipamumuhay ang iyong buhay? Ang paraan ng iyong pagtingin sa mga bagay-bagay ay magbabago ba? Ang iyong mga prayoridad ay mag-iiba ba? Ang katotohanan ay, isang araw, ikaw ay lilisan mula sa mundong ito. Habang ang ganitong katiyakan sa buhay ay nagdadala ng takot at sindak sa maraming tao, si Apostol Pablo ay nagkaroon ng kakaibang pananaw, 'Mga kapatid, hindi ko ipinapalagay na nakamit ko na ito. Ngunit isang bagay ang ginagawa ko: habang nalilimot ko ang nakaraan at sinisikap na marating ang layuning nais kong makamtan, 14 nagpupunyagi ako patungo sa hangganan upang makamtan ang gantimpala ng pagkatawag sa akin ng Diyos sa pamamagitan ni Cristo Jesus, ang buhay na nasa langit. (v.13-14).

Ang nag-iisang hangarin sa buhay ni Pablo ay ang tumingin sa hinaharap sa kung anong mas hihigit pa sa maihahandog ng mundo ito. Malinaw na alam ni Pablo kung ano yaong 'isang bagay' at naintindihan niya ng maayos kung ano ang sa huli'y kasama nito – buhay na walang hanggan. Si Hesus mismo ang nagpaliwanag ng malinaw ng sinabi Niya na, 'At ito ang buhay na walang hanggan: ang makilala ka nila na iisang tunay na Diyos, at si Jesu-Cristo na iyong isinugo.'(Juan 17:3). Ang makilala si Hesus Kristo ay ang magtamo ng buhay na walang hanggan. Gawin itong 'isang bagay' na tama at lahat ng bagay sa mundo ay hindi na mahalaga na gaya ng iniisip ng mas nakararami. Kung wala si Hesus sa buhay mo, kalaunan ay wala kang maibahagi at maiwang bagay na may walang hanggang halaga. Ngunit kung si Hesus ay nasa iyo, iyong makakamtan ang 'isang bagay' na tatagal pa kaysa buhay. Ito ang pamana na marapat hangarin at ipasa sa mga henerasyong darating.

## LIFE HACKS

Sa huli, ang isang buhay na nagtuturo sa iba patungo kay Hesus ay maaring maging tunay na nagtatagal na pamana ng ating mga buhay.

# PAGPAPAHAYAG (EXPRESS)

1. Gumawa ng isang matapat na pagsusuri sa iyong buhay ngayon. Kung ikaw ay mamatay ngayon, sa iyong palagay, paano ka mas maalala? Anong uri ng mga 'kredensyal' ang iyong inaasahan upang makapag-iwan ng isang pamana? Ano ang iyong pakiramdam patungkol dito?
2. Ngayon, napag-alaman natin na si Apostol Pablo ay matagumpay na nag-iwan ng tumatagal na pamana dahil siya ay nakatuon sa kanyang relasyon sa Diyos at sa pagtupad ng Kanyang misyon para sa kanya. Anong mga pagbabago ang kailangan mong gawin sa iyong buhay upang makapag-iwan ng ganitong pamana?

   Kung iyong nadarama na ikaw ay nabigo sa pag-iwan ng isang tumatagal na pamana, tandaan na ang Diyos ay may kapangyarihan na tubusin ang iyong mga pagkakamali sa buhay at baguhin ito para sa iyong kabutihan ayun sa Kanyang dakilang plano (Roma 8:28) Gusto mo bang patawarin ka ng Diyos sa lahat ng iyong mga kasalanan at makapag-umpisa muli ng malinis? Gusto mo bang magsimula ng isang personal na relasyon sa Kanya magmula ngayon (Juan 17:3, Juan 10:10)

Maaari mong ipahayag ang pagnanais ng iyong puso sa pamamagitan ng isang panalangin na kagaya nito:

*"Panginoong Hesus, maraming salamat sa iyong pagmamahal sa akin. Aking ikinukumpisal na ako ay makasalan at karapatdapat sa walang hanggang kaparusahan. Salamat sa pagpakamatay Mo sa krus upang bayaran ang lahat ng aking mga kasalanan. Sa Iyong tulong, ako ay tumatalikod mula sa lahat ng aking mga kasalanan. Ngayon, inilalagay ko ang aking pagtitiwala sa Iyo bilang aking Panginoon at Tagapagligtas at Ikaw ay aking tinatanggap sa aking puso. Salamat sa Iyong pagpatawad sa aking mga kasalanan at sa pagpasok sa aking puso. Aking tinatanggap ang iyong libreng kaloob na buhay na walang hanggan. Salamat na isang araw, ako ay uuwi na kasama Kayo sa langit. Mula sa araw na ito, ako ay susunod at tatalima sa Iyo. Amen."*

Kung nais mo, gamit ang iyong sariling salita isulat ang iyong panalangin ng pagtanggap kay Hesus bilang Tagapagligtas at Panginoon dito:

________________________________________

(Isulat ang iyong pangalan at petsa ngayon)

# PAGSASABUHAY (EXPERIENCE)

## ANG ARAW-ARAW NA HAMON

1. Basahin ang Bibliya araw-araw
   - ☐ Basahin ang Bibliya ng 10 minuto o kaya 2 kabanata bawat araw
   - ☐ Magbasa ng 1 kabanata sa isang araw mula sa aklat ni Juan
   - ☐ Idownload ang YouVersion Bible app (pwede makuha sa Apple App Store at Google Play) at magsimula ng isang plano sa pagbabasa ng Bibliya
   - ☐ At iba pa:

     ________________________

     ________________________

2. Manalangin araw-araw
   - ☐ Igugol ang unang 15 minuto ng iyong araw sa pakikipag-usap sa Diyos
   - ☐ Pasalamatan ang Diyos para sa 10 bagay sa bawat araw (hindi dapat umulit)
   - ☐ Papurihan ang Diyos sa pamamagitan ng pag-iisip ng isang katangian sa bawat titik ng alpabeto (halimbawa, A – ang Diyos ay Almighty, B – ang Diyos ay Beautiful, C – ang Diyos ay Compassionate)
   - ☐ Simulan ang pagsusulat ng panalangin
   - ☐ Iba pa:

     ______________________________

     ______________________________

**TULONG SA PANALANGIN:** Subukang gamitin ang acronym na CAST kung mananalangin – Confession, Adoration, Supplication, Thanksgiving.

3. Magbahagi tungkol sa Diyos araw-araw
   - ☐ Magtanong sa 1 tao bawat araw kung paano mo siya maipagdarasal sa araw na iyan
   - ☐ Magbahagi sa isang kaibigan tungkol sa iyong natutunan sa ating serye ng #Lifegoals
   - ☐ Magtext sa iyong mga kaibigan ng isang bersikulo sa Bibliya
   - ☐ Magbahagi sa iyong kaibigan kung paano kumilos ang Diyos sa iyong buhay
   - ☐ At iba pa:

     ______________________________

     ______________________________

# ANO ANG **PINAKA-MAHALAGANG DESISYON** MO SA BUHAY?

Gumagawa tayo ng iba't ibang uri ng desisyon:

**MABABAW AT SIMPLENG DESISYON**—"Saan kakain?" "Anong susuotin?"

**MAS MAKABULUHANG DESISYON** — "Anong trabaho ba ang dapat kong pasukan?"

**NAKAPAGBABAGONG BUHAY NA DESISYON**—"Sino ang papakasalan ko?"

Ngayon, gagawa ka ng desisyon na siguradong may epekto sa iyo ng

**WALANG HANGGAN** .

## MAYROONG APAT NA KATOTOHANAN NA DAPAT NATING LUBOS NA MAINTINDIHAN:

### UNANG KATOTOHANAN: MAHAL KA NG DIYOS AT NAIS NIYANG IKAW AY...

MAGKAROON NG BUHAY NA WALANG HANGGAN SA PILING NIYA.


*"Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan, kaya't ibinigay niya ang kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan."* (Juan 3:16)

MAGKAROON NG MASAGANA AT MAKABULUHANG BUHAY KASAMA SIYA .

*"Dumarating ang magnanakaw para lamang magnakaw, pumatay, at manira. Naparito ako upang ang mga tupa ay magkaroon ng buhay, isang buhay na masagana at ganap."* (Juan 10:10)

*SA KABILA NITO, MARAMING TAO ANG HINDI NAKARARANAS NG MAKABULUHANG BUHAY AT HINDI NAKASISIGURO KUNG SILA'Y MAY BUHAY NA WALANG HANGGAN DAHIL...*

### IKALAWANG KATOTOHANAN: LIKAS NA MAKASALANAN ANG TAO, KAYA'T NAWALAY SIYA SA DIYOS




ANG LAHAT AY NAGKASALA.
*"Sapagkat ang lahat ay nagkasala, at walang sinumang nakaabot sa Kaluwalhatian ng Diyos."* (Roma 3:23)

ANG KABAYARAN NG KASALANAN AY KAMATAYAN.
*"Sapagkat kamatayan ang kabayaran ng kasalanan..."* (Roma 6:23)

*MAY TINUTUKOY NA **DALAWANG URI NG KAMATAYAN** ANG BIBLIYA:*

**PISIKAL NA KAMATAYAN** —"Itinakda sa mga tao na sila'y minsang mamamatay at pagkatapos ay ang paghuhukom." (Mga Hebreo 9:27)

**ESPIRITUWAL NA KAMATAYAN O WALANG HANGGANG PAGKAWALAY SA DIYOS** —"Subalit malagim ang kasasapitan ng mga duwag, ng mga taksil, ng mga nagpapasasa sa kasuklam-suklam na kahalayan, ng mga mamamatay- tao, ng mga nakikiapid, ng mga mangkukulam, ng mga sumasamba sa diyus-diyosan, at LAHAT NG MGA SINUNGALING. Ang magiging bahagi nila'y sa lawa ng nagliliyab na asupre. Ito ang pangalawang kamatayan." (Pahayag 21:8)

KUNG ANG TAO AY NAWAL AY SA DIYOS DAH I L SA K ANYANG K A SA L ANAN , ANO ANG SO LUSYON SA PROBLE MA N IYANG ITO?





Madalas nating iniisip na ang

**RELIHIYON**
**MABUTING GAWA**
**KABUTIHANG ASAL**

ang mga solusyon.

Ngunit iisa lang ang solusyon na galing sa Diyos.




**IKATLONG KATOTOHANAN: SI HESU- CRISTO LAMANG ANG TANGING DAAN PATUNGONG LANGIT.**

BAKIT? ITO AY PAHAYAG NG DIYOS.
*Sa Juan 14:6, sinasabi ni Hesus, "Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang makakapunta sa Ama kundi sa pamamagitan Ko"*

GANAP NIYANG BINAYARAN ANG KAPARUSAHAN NG IYONG MGA
KASALANAN.

*"Sapagkat si Cristo na walang kasalanan ay namatay nang minsan para sa inyo na mga kayo sa Diyos..."*
*(1 Pedro 3:18)*

PATUNAY ANG KANYANG MULING PAGKABUHAY NA SIYA AY ANAK NG DIYOS — ANG MESIYAS AT TANGING TAGAPAGLIGTAS.


*"Ay tungkol sa kanyang Anak, ang ating Panginoong Hesu-Cristo. Tungkol sa kanyang pagiging tao, siya'y ipinanganak mula sa lahi ni David. At tungkol naman sa Espiritu ng kabanalan, ipinahayag siya bilang Anak ng Diyos sa pamamagitan ng isang makapangyarihang gawa, ang kanyang muling pagkabuhay." (Roma 1:3–4)*

MAY PANGAKO SIYANG BUHAY NA WALANG HANGGAN.
*"Ang sumasampalataya sa Anak ay may buhay na walang hanggan. Ngunit ang hindi sumusunod sa Anak ay hindi magkakaroon ng buhay. Sa halip, mananatili sa kanya ang poot ng Diyos." (Juan 3:36)*

Ngunit hindi sapat na malaman lang natin kung

**ANO ANG GINAWA NI HESU-CRISTO.**

## IKAAPAT NA KATOTOHANAN: KAILANGAN NATING ILAGAY ANG ATING PANANAMPALATAYA SA PANGINOONG HESU-CRISTO PARA TAYO'Y MALIGTAS.




ANG KALIGTASAN NATIN AY DAHIL SA KAGANDAHANG- LOOB NG DIYOS SA PAMAMAGITAN NG PANANALIG KAY HESU-CRISTO.

*"sapagkat dahil sa kagandahang-loob ng Diyos kayo ay naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ang kaligtasang ito'y kaloob ng Diyos at hindi sa pamamagitan ng inyong sarili; hindi ito bunga ng inyong mga gawa kaya't walang dapat ipagmalaki ang sinuman."* (Efeso 2:8–9)

Base sa Efeso 2:8-9, kung ang kaligtasan ay maaaring ilahad sa pamamagitan ng formula, alin sa mga sumusunod ang sa tingin mo ay tama?

☐ **PANANALIG KAY HESUS + MABUTING GAWA = KALIGTASAN**

☐ **PANANALIG KAY HESUS + WALANG MULA SA ATIN = KALIGTASAN**

Sa **Efeso 2:10**, sinasabi sa atin na ang **mabuting gawa ay bunga** ng ating kaligtasan:

"Sapagkat tayo'y nilalang ng Diyos; nilikha sa pamamagitan ni Cristo Jesus upang iukol natin ang **ating buhay sa paggawa ng mabuti**. Iyan ang layuning pinili ng Diyos para sa atin noong una pa man."

**ANG MGA MABUTING GAWA** ay hindi paraan upang tayo'y maligtas, kundi **ISANG KATIBAYAN O BUNGA NG ATING KALIGTASAN.**

IPINAPAKITA NATIN ANG ATING PANANAMPALATAYA KAY HESU- CRISTO SA PAMAMAGITAN NG:
1. Pagtanggap ng Kanyang regalong buhay na walang hanggan
2. Pagtalikod sa ating mga kasalanan
3. Pagsuko ng mga buhay natin sa Kanya

*"Sapagkat kamatayan ang kabayaran ng kasalanan, ngunit ang libreng kaloob ng Diyos ay buhay na walang hanggan, sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon."*(Roma 6:23)

*"Ang sinumang nagnanais sumunod sa akin ay kinakailangang itakwil niya ang kanyang sarili, pasanin ang kanyang krus, at sumunod sa akin."* (Mateo 16:24)

IPINANGAKO NG DIYOS NA MAKATITIYAK KANG MAYROON KANG BUHAY NA WALANG HANGGAN KUNG MANANAMPALATAYA AT MAGTITIWALA KA KAY HESU- CRISTO.

"Isinusulat ko ito sa inyo upang malaman ninyo na kayong sumasampalataya sa Anak ng Diyos ay may buhay na walang hanggan." (1 Juan 5:13)

**ITO ANG DESISYON NA M AGTATAKDA NG IYON G PANGHABAM BUHAY NA TADHANA .**

Maaaring nagtiwala ka na sa Diyos sa maraming bagay, ngunit ngayo'y nais Niyang magtiwala ka sa Kanya lamang para ikaw ay maligtas. Ipinagkaloob Niya sa iyo ang kapatawaran at buhay na walang hanggan, at nais Niyang magkaroon ng personal na relasyon sa iyo.


## HANDA KA BANG MAGTIWAL A AT SUMUNOD KAY HESU-CRISTO BILANG IYONG PANGINOON AT TAGAPAGLIGTAS?

## IPANALANGIN MO ITO NG MAY PANANAMPALATAYA:

*PANGINOONG JESUS , MARAMING SALAMAT SA LABIS MONG PAGMAMAHAL SA AKIN. INAAMIN KONG AKO'Y MAKASALANAN AT IHINIHINGI KO ITO NG IYONG KAPATAWARAN. SALAMAT SAIYONG PAGKAMATAY SA KRUS UPANG BAYARAN ANG LAHAT NG AKING KASALANAN.*

*MAG MULA NGAYON, AKO'Y MAGTITIWALA SAIYO BI LANG AKING PANGINOON AT TAGAPAGLIGTAS. TINATANGGAP KO AN IYONG KALOOB NA BUHAY NA WALANG HANGGAN AT ISINUSUKO KO ANG BUHAY KO SAIYO.*

*TULUNGAN MO AKO NG SUMUNOD SA LAHAT NG IYONG UTOS AT MAGING NAKAL UGOD SAIYO. AMEN.*




Kung nagtiwala ka na kay Hesu-Cristo, nangyari na sa iyo ang mga sumusunod:

NGAYON, MAYROON KA NANG BUHAY NA WALANG HANGGAN KASAMA ANG DIYOS.

*"Sapagkat ito ang kalooban ng aking Ama: ang lahat ng kumilala at sumampalataya sa Anak ay magkaroon ng buhay na walang hanggan. At sila'y muli kong bubuhayin sa huling araw." (Juan 6:40)*

ANG LAHAT NG KASALANAN MO AY BAYAD NA AT NAPATAWAD NA. (NOON, NGAYON, AT SA HINAHARAP)
*"Iniligtas niya tayo sa kapangyarihan ng kadiliman at inilipat sa kaharian ng kanyang minamahal na Anak, na nagpalaya at nagdulot sa atin ng kapatawaran sa ating mga kasalanan." (Colosas 1:13–14)*

IKAW AY BAGO NANG NILALANG SA PANINGIN NG DIYOS. SIMULA NA NG IYONG BAGONG BUHAY.
"Kaya't kung nakipag-isa na kay Cristo ang isang *tao, isa na siyang bagong nilalang. Wala na ang dati niyang pagkatao, sa halip, ito'y napalitan na ng bago." (2 Corinto 5:17)*

IKAW AY NAGING ANAK NG DIYOS.
*"Subalit ang lahat ng tumanggap at sumampalataya sa kanya ay binigyan niya ng karapatang maging mga anak ng Diyos." (Juan 1:12)*

At bilang pag-alaala sa iyong pagkatanggap sa Diyos, basahin ang mga sumusunod at lagdaan ang iyong pangako.

NGAYON, AKO'Y NAG TIWALA KAY HESU-CRISTO BILANG AKING PANGINOON AT TAGAPAGLIGTAS AT TINANGGAP KO ANG KALOOB NIYANG BUHAY NA WAL ANG HANGGAN. MULA NGAYON, SUSUNDIN KO SI HESUS HABANG-BUHAY.

**PANGALAN:**

**PETSA:**

Ikaw ngayon ay mayroon nang personal at permanenteng relasyon sa ating Panginoong Hesu-Cristo. Upang lumalim ang iyong relasyon sa Kanya:

- **MANALANGIN SA DIYOS ARAW-ARAW**. Ito ay ang pakikipag-usap sa Diyos.
- **BASAHIN ARAW-ARAW ANG BIBLIA** . Dito ka kakausapin ng Diyos. Umpisahan mo sa ebanghelyo ni Juan. Magbasa ng isang kabanata araw-araw at humingi ng gabay sa Banal na Espirito upang maunawaan ito.
- **MAGING BAHAGI NG DISCIPLESHIP GROUP**. Kilalanin mong mas mabuti ang Diyos at mabuhay nang nakalulugod sa Kanya.
- **DUMALO SA ISANG SIMBAHANG NANINIWALA SA BIBLIA UPANG MATUTO TUNGKOL SA DIYOS AT KUNG PAANO SIY PURIHIN AT PARARANGALAN .**
- **IBAHAGI ANG BOOKLET NA ITO SA IYONG PAMILA, MGA KAIBIGAN, AT IBA PA.**